


(F)
GE
170
C81
1998

Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan

Miriam Coronel-Ferrer · Ruth Lusterio · David Andrade
UP Environmental Conflict Resolution Project Team



Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan

Miriam Coronel Ferrer • Ruth Lusterio • David Andrade
UP Environmental Conflict Resolution Project Team

ISBN 971-742-028-9

Karapatang sipi 1998

Reserbado ang lahat ng karapatan. Walang anumang bahagi ng aklat na ito ang maaaring ipalimbag o ipamahagi kung walang kaukulang pahintulot ng publisher.

Pabalat at lamangloob: 

DISENYO

Nilalaman

PAGBATI/v	
PASASALAMAT/vii	
PANIMULA/1	
1 Ang Tunggalian sa Kalikasan: <i>Isang Balangkas</i>	7
2 Galaw ng Tunggalian sa Kalikasan: <i>Pagsusuri sa Katangian ng Tunggalian sa Kalikasan</i>	15
3 Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan	21
4 Ang Industrial Forest Management Agreement (IFMA) sa Bataan: <i>Isang Karanasan sa Tunggalian sa Kalikasan ng Bayan ng Abucay</i>	29
5 Modyul sa Pagsasanay para sa Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan (RTK)	47
6 Talakayan sa Kasong Ginamit sa Pagsasanay: <i>Galaw ng Tunggalian sa Kalakasan</i>	59
7 Talakayan sa Kasong Ginamit sa Pagsasanay: <i>Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan</i>	65
REFERENS/81	
APPENDIX/83	

Pagbati

Pihirang matagpuan ang isang pag-aaral na di lang nagpapaliwanag ng isang konsepto at teorya kundi nagmumungkahi rin ng proseso't paraan para maaplay ang ganitong abstraksyon sa realidad o aktwal na pangyayari, at sa ganoon kaagad pinapatunayan ang resulta ng pag-aaral. Ganito ang nilalaman ng Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan. Tunay na makabuluhan ang sinasabi rito dahil resulta ng aktwal na kontak sa pagitan ng mga nagreserts at ng mga tao sa komunidad na pinag-aralan. Kaya, masasabi rin na awtentik at kapanipaniwala ang tinalakay sa pag-aaral na ito.

Ang matingkad na katunayan na kapansinpansin ay ang paglilinaw dito ng mga nagreserts ng kasanayan at proseso sa pagbuo ng isang relasyong konsenswal sa paraan ng konsultasyon. Sa ganitong paraan, sa unang-una pa lamang, kalahok na ang mga mey kinalaman sa isyu di lang sa pagaydentifay ng mga problema kundi sa pagresolba din ng tunggalian dala ng mga isyu't problema. Mahalagang kasanayan sa paglalagom ng resolusyong konsenswal ang paraan ng konsultasyon at partisipasyon. Ganon din ang tinalakay sa pagbuo ng organisadong lakas para magkaron ng kakayahan at kapangyarihan ang lahat ng mey kinalaman sa isyu. Maaring magkaron ng kakayahan ang lahat na makilahok sa pagresolba ng mga problemang balakid sa kanilang kaunlaran sa organisadong pagkilos. Malamang ito ang maaasahang proseso na makakaangat sa mga grupong marjinalays o walang kakayahan sa pagbuo ng mga resolusyon na may kinalaman sa kanila. Tulad ng binanggit sa pag-aaral na ito, sila ang mallilit na magsasaka, mangingisda at mga grupong tinatawag na katutubo o ang mga pinakaapektado ng mga problema sa kalikasan.

Malinaw din na naipakita kung ano ang magagawa ng mga "nasa labas," mga akadim at mga NGO, sa pagresolba ng tunggalian sa mga komunidad. Sa pag-aaral na ito'y ispesipikong tinalakay ang tunggalian sa kalikasan. Di matatawaran ang kahalagahan ng nabuong training kit na magagamit sa pagsasanay sa prosesong tinalakay ng pag-aaral na ito. Magagamit din ito ng mga iba pang gustong sumubaybay sa mga tunggalian sa iba pang grupo.

Malaki ang kahalagahan ng pag-aaral na ito nina Miriam Corcnel Ferrer, Ruth Lusterio at David Andrade at dapat lamang batiin sila at pasalamatan sa pagbabahagi nila ng resulta ng kanilang nabuong reserts. Malaking pakinabang ito di lang sa mga nasa labas kundi sa mga nasa komunidad din na nangangailangan r.a maresolba

ang mga tunggalian sa kalikasan at pwedeng sabihin na sa ngayon, ito'y lahat ng komunidad sa bansa.

Consuelo J. Paz
Dekana
Kolehyo ng Sosyal Sayans at Pilosopiya
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Pasasalamat

Ang librong ito ay bunga ng aming isinagawang pananaliksik at tinanghal na pagsasanay hinggil sa resolusyon ng tunggalian sa kalikasan mula Pebrero 1996 hanggang Hulyo 1997 sa Bataan.

Sinayasat sa pamamagitan ng partisipatoring pamamaraan ang mga naging aksyon at reaksiyon ng iba-ibang panig hinggil sa kontrobersyal na INDUSTRIAL FOREST MANAGEMENT AGREEMENT (IFMA) PROJECT ng TREE, INC. sa Abucay, Bataan. Makikita ang resulta ng dokumentasyon sa tunggalian sa ika-4 na bahagi (Part 4).

Noong Setyembre 29 at Oktubre 4, 1997, naglunsad kami ng dalawang talakayang bayan sa Abucay at sa Balanga upang iharap ang mga panimulang resulta ng pananaliksik. Dinaluhan ito ng mga pormal at impormal na lider ng pamayanan, mga kinatawan ng DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES (DENR) at mga NGO sa Bataan.

Ginamit ang resulta ng pananaliksik bilang tuntungan at pagpapalaman sa mga pagsasanay na isinagawa. Matagumpay na nakapaglunsad ng tatlong pagsasanay hinggil sa *Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan* sa Balanga, Bataan. Ang unang pagsasanay ay isinagawa noong Marso 1–2, 1997 at dinaluhan ng 24 katao. Tinanghal ang ikalawang pagsasanay noong Marso 8-9, 1997. May 44 na katao ang dumalo mula sa mga munisipalidad ng Abucay, Balanga, Morong, Bangkal, Samal, Orani, Hermosa at Orion.

Bilang pagsasara, naglunsad kami ng isang pampublikong presentasyon hinggil sa kabuuan ng proyekto noong Hulyo 4, 1997. Tinanghal ito sa UNIBERSIDAD NG PILIPINAS at nilahukan ng aming mga kaibigan mula sa Bataan at ng ilang environmental NGOs sa Kamaynilaan.

Dahil sa kahilingan ng ilang mga lider pamayanan at NGO, nagsagawa kami muli ng isa pang pagsasasanay noong Hulyo 12–13, 1997. Lumahok dito ang 23 katao.

Nais naming pasalamatan lahat ng mga taga-Bataan na nakabahagi namin sa mahigit isang taon na pakikitungo sa kanilang mga pamayanan. Kabilang sa kanila ang mga lider ng SAVE ABUCAY FOREST MOVEMENT na sina GRACIAS FERNANDEZ at LEONOR SANTOS; sina MANNY ANILAO, SEVERINO "TOY" BRILLANTE at MACKY SALAZAR ng PHILIPPINE RURAL RECONSTRUCTION MOVEMENT-BATAAN BRANCH; masisipag na community organizers at lider na sina MERCY JASMIN at NENETH KATIGBAK; mga opisyal ng barangay Salian, Abucay na sina Tatang MAXIMIANO PABLO at LIZA DELA FUENTE; at gayundin ang mga opisyal sa opisina ng Community at Provincial Environment and Natural Resources Officers (CENRO at PENRO) ng DENR sa Bataan, at ng TREE, INC., na nagbahagi ng kanilang panahon sa aming mga mananaliksik.

Kasama rin sa aming alaala ang mga lumahok sa pagsasanay mula sa sumusunod na organisasyon: SAGIP LIKAS-YAMAN NG BATAAN (SALBA), BATAAN NGO CONSORTIUM (BNC), COMMUNITY-BASED FOREST PROTECTION BRIGADE (CBFPB), SAMAHANG NAGKAKAISANG KABABAIHAN, BALIKATAN, INC., PAG-IBIG FAMILY GROUP, KINIKILALANG MANGINGISDA NG MABATANG (KIMAMA), MFMPC, KAMAPA, at mga opisyal ng mga barangay at Sanguniang Kabataan.

Gayundin, malaki ang aming pasasalamat sa ASIA FOUNDATION sa tulong pinansyal; at sa SOCIAL SCIENCES AND PHILOSOPHY RESEARCH FOUNDATION (SSPRF) para sa pamamahala ng proyekto, lalo na sa bookkeepers na sina LUCY MERCADO at ELIZABETH PERALTA. Hindi rin magiging maayos ang takbo ng proyekto kung wala ang aming maaasahang technical assistant na si ALFREDO LUBANG, at noong unang bahagi ng proyekto, si SAMARUDDI TIBLANI; at mga boluntir na sina MYLENE SOTO at FERDIE RICO.

Malaki ang kontribusyon ng aming mga kaibigan na sina THEA SORIANO, RUBEN TUAZON, ARNOLD TARROBAGO, at MONETTE ANTOJA — mga matitinik na treynor ng Popular Education for Popular Empowerment (PEPE)— sa pagbubuo ng modyul sa pagsasanay at sa mismong pagpapadaloy ng mga isinagawang pagsasanay. Ginabayan din kami sa karanasang ibinahagi nina Manang LORNA Z. SEGOVIA, VICKY UVAS at BERNIE CABARLO sa pamamaraan ng participatory research sa isang maliit na talakayan sa pagitan namin.

Samantala, maayos na nailimbag ang aklat na ito sa karagdagang tulong ng University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies. Nakinabang kami nang malaki sa editing na isinagawa ni FANNY GARCIA TALAMPAS at pag-layout ng SADIDAYA Disenyo.

Ang munting handog na ito ay para sa lahat ng mga nagsisikap na hanapan ng matagalan, mapayapa't makatarungang resolusyon ang mga tunggalian sa kalikasan sa kanilang pamayanan.

Iniaalay namin ang librong ito sa
lahat ng mga nagsisikap na hanapan
ng matagalan, mapayapa at makatarungang
resolusyon ang mga tunggaliang kalikasan
sa kanilang pamayanan.

Panimula

Nakikita na ng marami ang kahalagahan ng paggamit ng pamantayan ng isang uri ng pag-unlad, ang tinatawag na sustenidong pag-unlad (sustainable development), sa pambansa o pangkomunidad na kaunlaran. Gayunman, ang sustenidong pag-unlad ay hindi madaling makamit. Madalas na hindi magkatugma ang mga proyekto para sa kaunlaran at ang interes ng mahihirap na sektor. Hindi nagkakasundo sa kung sino ang dapat makinabang sa likas-yaman at kung paano at para kanino ito pauunlarin.

Dahil dito, maraming pamayanan ang nasasabak sa gulo at alitan. Sa pagtindi ng tunggalian, maaaring kanya-kanyang interes na lang ang iginigiit at nakakaligtaan na ang interes ng mismong kalikasan at ng buong pamayanan. Maaari ring makalimutan ang kahalagahan ng paghahanap ng makatarungan at makatwirang solusyon sa pamamagitan ng mapayapang paraan.

Ano ang magagawa ng mga nasa labas ng pamayanan, tulad ng mga non-government organization (NGO) at akademya, upang ang pamayanan ay maintindihan, masuri at mapanghawakan ang kaharap na tunggalian sa kalikasan (environmental conflict) at upang makamit ang isang makatarungan at mapayapang solusyon? Ito ang pangunahing tanong namin sa sarili nang isagawa ang proyektong ito.

Bilang mga tagalabas, alam naming hindi kami ang makapagbibigay ng solusyon sa suliranin ng isang pamayanan. Ito ay nasa kamay ng pamayanan at ng iba pang kasangkot sa iba't ibang antas: pamayanan, munisipalidad, lalawigan, bansa, daigdig. Ngunit may magagawa ang mga tagalabas. Maaari silang makatulong sa pagpapahupa ng tunggalian sa pamamagitan ng sarili nilang interbensyon; ng paglalalatag ng pagsusuri, mga prinsipyo at pagpapahalagang itinugan ng solusyon; at ng paghahasa sa mga kasanayan ng mga kasangkot kaugnay sa resolusyon ng tunggalian.

Layunin

Ang proyektong ito ay may layuning masubaybayan ng isang grupo ng tagalabas ang isang tunggalian sa kalikasan na kinakaharap ng pamayanan. Gumamit ng mga partisipatoring pamamaraan ng pananaliksik tungkol sa tunggalian sa kalikasan. Mula sa pananaliksik at pakikitungo sa iba't ibang panig na kasangkot sa tunggalian, layuning makabuo ng isang pagsasanay na angkop sa, una, pagpapaunlad sa kakayahan ng mga mismong kasangkot na magsuri sa kinapapaloobang tunggalian sa kalikasan at pangalawa, sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan para sa resolusyon ng tunggalian sa kalikasan.

Samakatwid, may dalawang sangkap ang proyekto — ang pananaliksik at ang pagsasanay — na parehong ginamitan ng pamamaraang partisipatori. Mula sa pananaliksik at paghahanap ng solusyon sa tunggalian, layuning tumuntong sa pagkilala sa pangangailangan ng pagsasanay at pagpapaunlad ng kakayahan para sa resolusyon ng tunggalian, na halaw sa sariling karanasan ng pamayanan.

Ang Pamamaraang Partisipatori

Ang partisipatoring pananaliksik ay “isang proseso kung saan sinisiyasat ng mga mamamayan, kasama ang mananaliksik, ang kanilang suliranin, sinusuri ang resulta ng kanilang pagsisiyasat sa mas malawak na konteksto, at nagsasagawa ng matagalan at madaliang plano upang maaksyonan ang suliranin.” (BAUTISTA 1985) Nag-uumpisa ito sa paniniwalang ang mga mamamayan ay may sariling interpretasyon sa kanilang suliranin at sa mga nangyayari sa kanilang paligid at sa mundo. Hindi sila mga pasibong indibidwal dahil sa kanila mismo galing ang mga datos, at kaya nilang suriin ang kanilang kalagayan sa pamamaraang angkop sa kanilang pag-intindi at wika.

Para sa resolusyon ng tunggalian, layunin ng pamamaraang partisipatori na matulungan ang pamayanan na maintindihan ang tunggalian at ang iniinugan o galaw (dynamics) nito. Ang mananaliksik ay nagsisilbing tagapagpadaloy sa pag-intindi ng pangyayari, at gayundin, sa pagtatakda ng angkop na aksyon. Sa paggulong ng proseso, nagkakaroon ng aktwal na karanasan at kasanayan ang pamayanan sa resolusyon ng tunggalian. Dagdag dito, ang mananaliksik ay nagsisilbi ring daluyan ng interaksyon ng mga nagtutunggaling panig. Sa kabuuan, ang mga solusyon ay hindi nagmumula sa mananaliksik, manapay lumilitaw ang mga ito nang dahil sa proseso na kinapapalooban ng mga mamamayan.

Ang pamamaraang partisipatori, samakatwid, ay nagbibigay-kapangyarihan sa pamayanan para maging aktibong bahagi ng proseso para sa resolusyon ng tunggalian. Ang pamayanan ay nabibigyang-kapangyarihan kung may kakayahan silang ipaliwanag ang kanilang suliranin at ang perspektiba hinggil dito, kung nakapagbibigay ng alternatibo; at kung nakakakilos tungo sa resolusyon. Nawawala ang kanilang pananaw o damdamin ng kawalang kapangyarihan, at napauunlad ang kanilang pansarili at kolektibong kapasidad para tahakin ang hinaharap.

Bakit Tunggalian sa Kalikasan?

Maraming tunggalian kaugnay ng pagkontrol, pag-aari at paggamit ng likas-yaman ang naganap nitong ikalawang bahagi ng ika-20 siglo. Wala na ang dating maluwa na kalagayan para sa malaya't walang takot na pangangalap ng ikabubuhay mula sa dagat, ilog at bundok. Matagal na ring nawala sa kamay ng pamayanan ang tungkulin at pribilehiyo bilang natatanging tagapagbantay at tagapangalaga ng kanilang likas-yaman. Sa kalakhan, ang papel na ito ay nalipat sa estado o kaya'y sa pribadong institusyon tulad ng mayayamang pamilya o korporasyon. Patindi nang patindi ang kompetisyon sa likas-yaman, at ang tunggaliang dulot ng ganitong kompetisyon ay pang-araw-araw nang katotohanan sa maraming bahagi ng mundo.

Sa mga papaunlad na bansa tulad ng Pilipinas, ang tulak ng pang-ekonomiyang kaunlarang mula sa pambansang patakaran at sa mga pandaigdigang struktura ay mas nakapagpapabilis sa pagkasira o pagkaubos ng kalikasan. Sa maraming paraan nangyayari ang pagkasira ng likas-yaman: legal at ilegal na pangangahoy; malawakang paggamit ng gubat para sa komersyal at industriyal na proyekto, paggamit ng sangkap sa pagtanim tulad ng mga kemikal na abono at pestisidyong nakasisira sa ilog at hangin, atbp. Nawala na ang kapasidad ng likas-yaman na buhayin at pag-ibayuhin ang sarili kacama na ang iba pang uri ng kabuhayang umaasa rito.

Dagdag pa rito ang paglaki ng populasyon ng Pilipinas, mula 20 milyon noong dekada 50 hanggang sa kasalukuyang 70 milyon. Pakulang nang pakulang ang lupain at tubig kumpara sa papalaking pangangailangan ng populasyon.

Ang suliranin sa kalikasan ay pinakamabigat ang epekto sa mga taong tuwirang umaasa sa likas-yaman para sa kanilang pang-araw-araw na kabuhayan — ang maliliit na mangingisda, ang mga migranteng magsasaka sa kabundukan, at ang ating mga katutubong kababayan sa kabundukan. Sila ang tinatawag na primary stakeholders o pangunahing nakaasa sa likas-yaman. Sa pangkalahatan, wala silang pang-ekonomiya at pampulitikang kapangyarihan. Maliit ang kanilang kapital, gamit at impluwensya upang panghawakan ang kanilang pag-angkin sa likas-yaman kaya madalas silang natatalo sa mga tunggalian sa kalikasan.

Angkop na inilarawan ang likas-yaman bilang isang "larangan ng nagtutug-galing pang-aangkin...(kung saan) ang iba't ibang panig na iba-iba at di pantay-pantay ang pinagmumulan ay nagtutunggali sa paggamit at pamamahala." (SAJOR AND RESURRECCION-SAYO 1993). Dagdag pa:

...Ang dahilan ng pagkasira ng likas-yaman ay komplikado, hindi nagmumula sa isang dambuhalang struktura ng kapangyarihan, kundi sa mga likas na pagbabago at prosesong sosyal ng mga negosasyon na umuusbong sa mga relasyong nakabatay sa magkapareho o magkatunggaling interes ng mga gumagamit ng likas-yaman. Ang mga relasyong ito ay nagbabago batay sa sitwasyon ng paggamit ng kalikasan, kasali na ang nagbabagong sitwasyong ekolohikal at ang nagbabagong lakas o kahinaan ng mga panig sa lipunan.

Kaya,

...ang nagtutunggaling pag-aangkin at inisyatiba sa paggamit at pamamahala ng likas-yaman ay hindi lamang horizontal ang pagtagos sa mga indibidwal at mga grupong panlipunan sa parehong antas, manapa'y pati na vertical din sa iba't ibang antas ng strukturang panlipunan.

Ang mga iba't ibang panig na umaangkin sa kalikasan ay makikita sa pandaigdig, pambansa at lokal na antas. Sa antas-pandaigdig, ang mga multinasyonal at multilateral na institusyon, sa pamamagitan ng kanilang mga patakaran at proyekto, ay may epekto sa mga gumagamit ng likas-yaman sa antas nasyonal at lokal.

Sa pambansang larangan, ang mga pangunahing panig ay ang pamahalaan, malalaking negosyo, partidong pulitikal, mayayamang angkan at mga grupong non-government o NGOs. Ang magkakaiba nilang agenda hinggil sa paggamit at pamamahala ng likas-yaman ay bunsod ng tunggaliang namamalas hindi lang sa pampulitikang institusyon kundi maging sa panlipunang relasyon.

Sa lokal na antas, kabilang sa iba't ibang panig ang samu't-saring ahensya, grupo at indibidwal ng pamahalaang lokal, negosyo, NGOs, organisasyon ng mga sektor sa pamayanan o ang mga people's organizations (POs), at ang mga angkan o kamag-anak. Vertical na nakikipag-ugnayan sila sa iba't ibang mga panig sa ibang antas, at sa isa't isa o sa horizontal na paraan habang tinitiyak nila ang kanilang karapatan sa likas-yaman.

Nagkakaroon ng tunggalian kapag ang kanya-kanyang layunin, agenda, at pinahalagahan ay hindi nagtutugma. Halimbawa, kapag ang pambansang programa sa pag-unlad ay nagbibigay panganib sa ekolohikal na seguridad ng pamayanan, kapag nabubulabog ng vertical na strukturang panlipunan ang lokal na relasyon sa kapangyarihan, o kapag ang mga batas at kasulatan ay lumalabas na taliwas sa lokal na pamamaraan o kostumbre.

Bakit Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan?

Kailangang maihanap ng positibong aksyon ang mga tunggalian sa kalikasan. Kung maaari, lahat ng maaapektuhan ay dapat makasama sa isang mapayapang pamamaraang magdudulot ng makatarungan at makabubuting solusyon. Kung ang layon ay tunay na maayos na proseso at magandang kahihinatnan, hindi maaaring iwan sa inisyatiba lang ng iilan ang proseso ng resolusyon.

Dito papasok ang kahalagahan ng resolusyon ng tunggalian sa kalikasan bilang proseso at pagpapahalaga. Ang Resolusyon ng Tunggalian ay maaaring mapaliwanag bilang isang maayos na prosesong nilalahukan ng iba't ibang panig na sangkot sa tunggalian nang sa gayon ay makamit ang isang solusyong makatarungan at makabubuti para sa kabuuan at pangmatagalan.

Sa tunggalian sa kalikasan, ang pagkakamit ng makatarungang resolusyon ay batay sa panukalang ang likas-yaman ay kayamanang panilahat o panlipunan kaya dapat pangalagaan at pakinabangan ng kabuuan at nang matagalan. Kaya anumang kaunlaran ay dapat sukatin batay sa halaga ng kalikasan na nasira. Ang mga nagtutunggaling pag-aangkin ay dapat maisaayos nang makatarungan, nang may pagsasa-alang-alang sa pangangailangan, pagpapahalaga at paniniwala ng mga

pangunahing umaasa sa kalikasan para sa kanilang kabuhayan. Ang mga pama-maraan ay dapat nagpapahalaga sa kabuuan, partisipatori at nagbabalanse ng relasyon sa kapangyarihan.

Kung hindi ganito, malamang na mas titindi ang tunggalian at maaaring humantong sa madugong labanan, o sa isang makaisang panig na resolusyong hindi kinikilala ang lehitimong interes ng iba pang panig, kasama na ang interes ng kabuuan, atbp. Sa ganitong dahilan, mahalagang mailagay sa agenda at pag-iisip ng lahat ang kahalagahan ng resolusyon ng tunggalian sa kalikasan.

Maaaring mapatingkad ng mga tagalabas, lalo na ng mga nasa larangan ng resolusyon ng tunggalian, ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang agenda at proseso upang makamit ang resolusyon ng isang tunggalian. Maaari nilang mapalakas ang kakayahan ng pamayanan at ng iba pang panig para maintindihan, masuri, at mabigyan ng bagong perspektiba ang tunggalian at nang maiwasan ang paglala, at masimulan ang proseso ng resolusyon.

Hindi lamang negosasyon, pamamagitan, o arbitrasyon ang kahulugan ng resolusyon ng tunggalian sa kalikasan. Ang proseso mismo ay dapat nakapagdudulot ng kapangyarihan sa lahat, lalo na sa wala o maliit ang kapangyarihan.

Kaakibat din sa proseso ng resolusyon ang pagpapaunlad ng mga tinatawag na kasanayan at nagpapahalaga. Kasama na sa mga nagpapahalaga ang pagpapalawak ng perspektiba upang maunawaan ang katunggali, ang nagpapahalaga sa prosesong mapayapa ngunit epektibo, at ang pagtingin na ang kapangyarihan ay hindi dapat idaan sa pamimilit, pagsasamantala, at sa halip ay sa kooperasyon, kahandaang makahanap ng makatarungang solusyon, at ang pagkakaisa sa matagalang nagpapahalaga sa likas-yaman. Kasama naman sa kasanayan ang kasanayang pangkomunikasyon tulad ng pagsasalita at pakikinig, paghawak nang maayos sa emosyon, at pagsusuri sa sitwasyon. Sa kabuuan, ang layon ng resolusyon sa tunggalian ay transpormasyon ng lipunan:

Ang pagsusuri ng resolusyon ng tunggalian ay nakatutok kung saan nag-aalitan nang sa gayon ay mapangibabawan ang di pagkakasundo ng iba't-ibang panig ... Ang talakayan ay hindi lang usapin ng pananatili ng status quo o kasalukuyang kalagayan (kalakhan tinatakda ng lakas militar ng bawat isa). Hindi natatapos ang tunggalian nang dahil wala nang labanan at barilan. Ang pag-igpaw sa di pagkakasundo (sa layunin, sa oras, at taglay na lakas at pag-aari) ay nangangahulugang pagbabago sa status quo ... (WALLENSTEEN 1988:126)

Ang resolusyon ng tunggalian ay hindi natatapos sa sarili lang nito. Sinisikap nitong baguhin ang mga relasyon (personal, pulitikal, struktural) habang kinikilala ang magkakaibang pangangailangan at nagpapahalaga. Sinisikap nitong makamit ang mga alternatibong di gaanong malaki ang kapalit sa kalikasan, buhay ng tao, at mga interes. Isa itong ugnay o kawing sa hindi tumitigil na proseso ng pagbabago ng lipunan.

Sa umpisa pa lang ay dapat nang ipaalam ng mga tagalabas na tagapagpadaloy na ganito ang kanilang agenda at mga nagpapahalaga.

Maraming dahilan ang maaaring makasagabal sa pagiging epektibo ng mga tagalabas sa loob ng isang proseso para sa resolusyon ng tunggalian. Maaaring kahinatnan nito ang isang mataas na antas ng tunggalian. Sa kabilang banda, maaaring ang ganitong kalagayan ang magtulak sa proseso ng resolusyon. Ang kanya-kanyang pinagmulan ng iba't-ibang panig kaugnay ng kultura, pulitika at ideolohiya ay may epekto rin sa proseso. Ang pagiging katanggap-tanggap, ang personalidad at pamamaraan ng pakikitungo ng mga tagalabas ay maaaring maging positibo o negatibong sangkap sa pagpapagulong ng proseso tungo sa resolusyon.

Lahat ng proseso ng resolusyon ng tunggalian, kung gayon, ay natatangi. May kanya-kanya itong panahon at konteksto. Gayunman, ang mga karanasan sa iba-ibang konteksto ay maaaring magpalitaw ng ilang batayang prinsipyong maaaring maging pundasyon ng resolusyon ng tunggalian bilang isang programa, pilosopiya, sining o agham, na may ambag sa praktikal at teoretikal na gawain upang mas mapaganda pa ang ating lipunan at mundo.

Sa susunod na seksyon, higit pang tatalakayin ang konsepto at praktika ng tunggalian sa kalikasan at ang resolusyon nito. Ang susunod na seksyon din ang nagsilbing training kit na ginamit namin sa mga pagsasanay, dagdag ang kaalamang nakamit mula sa mga dumalo sa aming tatlong training seminar nitong 1997 sa Bataan.

1

Ang Tunggalian sa Kalikasan Isang Balangkas

Ang paglaganap ng mga tunggaliang mauugat sa paggamit, pamamahala at pagkontrol ng likas-yaman ay nasaksihan sa huling bahagi ng kasalukuyang siglo. Ang pangangailangan ng isang bansa na umunlad ay isang mahalagang dahilan kung bakit lalong humihigpit ang kompetisyon sa paggamit ng likas-yaman. Dito rin mauugat ang tumitindi at lumalalim na tunggalian sa hanay ng iba't ibang sektor ng lipunan.

Ang kompetisyon sa paggamit at pamamahala ng likas-yaman ay kadalasang nauuwi sa tunggalian ng mga taong may iba't ibang interes at perspektiba. Kapag may tunggalian, mas mabigat ang epekto nito sa mga taong umaasa sa likas-yaman para sa kanilang kabuhayan tulad ng maliliit na magsasaka at mangingisda, mga nakatira sa kabundukan, at mga katutubong pamayanan. Dahil sa kanilang kahirapan, kakulangan sa impormasyon at kaalaman, at mababang posisyon sa lipunan, sila ang kadalasang natatalo sa tunggalian.

Sa kasalukuyan, ang likas-yamang pinagkukunan ng kabuhayan ay maituturing na sentro ng naglalabanang interes at pag-angkin ng iba't ibang panig sa lipunan tulad ng mga opisyal ng pamahalaang nasyonal at lokal, mga pulitiko, malalaking negosyo, NGOs at mga miyembro ng pamayanan. Sila ay nasasangkot sa tunggalian dahil sa pagkakaroon nila ng magkaiba't magkasalungat na mga layunin, interes at pagpapahalaga.

Ang Kahulugan ng Tunggalian sa Kalikasan

Ang tunggalian sa kalikasan ay isang uri ng tunggaliang umuusbong mula sa paggamit ng kalikasan tulad ng lupa, gubat, dagat, atbp. Ito ay tumutukoy sa naglalabanang pag-angkin sa karapatang gamitin at kontrolin ang mga likas-yaman. Ito rin ang manifestasyon ng pagbabanggaan ng iba't ibang interes at pakinabang sa kalikasan.

Tulad ng ibang uri ng tunggalian, ang tunggalian sa kalikasan ay mayroon ding iba't ibang antas. Ang isang tunggalian ay maaaring magsimula sa isang simpleng

pagpapalitan ng mga opinyon o kuro-kuro. Ang isang simpleng diskusyon o pagtatalo ay maaaring humantong sa di-pagkakaunawaan kung ang isyu o problema ay hindi natugunan at hindi nagkaroon ng pagkakasundo sa hanay ng mga panig na kasangkot. Tumataas ang antas ng tunggalian kung ang mga panig na kasangkot ay nahihirapang makarating sa isang pagkakasundo. Maaaring malalim ang sanhi ng tunggalian kaya hindi madali para sa mga panig na resolbahin ito. Maaaring umiwas na lang ang mga kasangkot at tumangging makipagtulungan upang magkaroon ng resolusyon ang tunggalian, o kaya naman ay humantong sa direktang labanan o tagisan hanggang dumating sa sitwasyong mahirap nang makontrol ang resolusyon nito.

Ang resolusyon ng tunggalian sa kalikasan ay lubhang mahalaga. Kung hindi magkakaroon ng resolusyon ng tunggalian sa kalikasan, ang bigat ng epekto nito ay babalikatin din ng buong lipunan.

Mga Katangian ng Tunggalian sa Kalikasan

Masasabing ang tunggalian sa kalikasan ay hindi katulad ng mga iba pang uri ng tunggalian dahil sa mga taglay nitong katangian.

Una, sa tunggalian sa kalikasan, nahaharap ang isang komunidad o bayan sa posibilidad ng pagkakaroon ng mga epektong pangkalikasan na hindi na maaaring mabago pa, mabaligtad, o mabigyan ng remedyo. Dahil dito, hindi basta-basta maaaring mag-eksperimento upang malaman kung ano ang magiging resulta ng pagpapatupad ng isang proyekto o desisyon. Ang isang aksyon ay maaaring magdulot ng isang resultang permanente at hindi na mababago pa.

Ikalawa, ang mga epekto, hangganan, kalahok, at halaga ng isang tunggalian sa kalikasan ay hindi maaaring hulaan o tantyihin nang eksakto. Ang resulta ng isang proyekto ay hindi malalaman hanggang hindi naipatutupad. Maaaring kailangan ang mahabang panahon bago tuluyang malaman ang mga naging epekto ng isang desisyon ukol sa paggamit ng kalikasan.

Ang *ikatlong* katangian ng tunggalian sa kalikasan ay ang pagtataglay nito ng iba't ibang panig na umaangking sila ang kumakatawan sa interes ng mas nakararami, ng komunidad, ng bansa, at maging ng kalikasan. Dahil mahirap magkaisa kung aling interes ang higit na makatuwiran, ito'y kadalasang nagiging sanhi o pinag-uugatan ng tunggalian. (TILLET, 1991)

Ang Saklaw ng Tunggalian sa Kalikasan

Kung tutuusin, napakalawak ang saklaw ng tunggalian sa kalikasan. Nakapaloob dito ang paggamit at pamamahala ng mga likas-yaman at maging ang pagkakaiba ng mga opinyon at pagpapahalaga rito. Kabilang sa magkakasalungat na opinyon at pagpapahalaga ay ang sumusunod:


- 1 karapatan ng taong gamitin ang kalikasan laban sa karapatan ng kalikasan;
- 2 magkasalungat na pananaw tungkol sa pag-unlad;
- 3 magkasalungat na pananaw tungkol sa relasyon ng tao sa kalikasan;
- 4 ang papel ng mga “ordinaryong tao” at mga “eksperto” sa paggawa ng desisyong pangkalikasan laban sa papel ng mga taong nasa pamahalaan;
- 5 saan dapat ginagawa ang mga desisyon at sino dapat ang gumagawa ng mga ito; at
- 6 ang labanan ng lokal na komunidad sa isang banda, at ng estado o ng malalaking negosyo sa kabilang banda. (TILLET, 1991)

Ang Pinag-uugatan ng Tunggalian sa Kalikasan

Ang naglalabanang opinyon, interes at pagpapahalaga ay maituturing na pinag-uugatan ng mga tunggalian sa kalikasan. Batay sa mga naisagawang pag-aaral at pagsusuri, umuusbong ang ganitong mga tunggalian kapag ang mga taong kasangkot na may iba’t ibang perspektiba ay hindi nabigyan ng sapat na oportunidad para ipahayag ang kanilang mga opinyon, saloobin, interes o hinaing. Ang tunggalian sa kalikasan ay karaniwang lumalaki kung walang balanseng partisipasyon ang mga tao sa paggawa ng mga desisyon, ito man ay ukol sa paggamit ng mga likas-yaman o sa kinabukasan ng kanilang pamayanan.

Sa kasalukuyang panahon, isang malaking usapin ang paglilipat ng kontrol sa paggamit ng mga likas-yaman mula estado tungo sa mga pribadong kamay. Dahil na rin sa matinding kakulangan ng ilang estado na panatiliin at protektahan ang kalikasan, naipatutupad ang ilang programang nagbibigay ng karapatan sa mga indibidwal o korporasyon na pamahalaan ang kalikasan. Ito ay pinag-uugatan din ng mga tunggalian dahil sa larangang ito lumalabas ang magkakasalungat at naglalabanang interes at pagpapahalaga. Mahalagang usapin ang karapatan ng sinuman na gumamit at makinabang sa likas-yaman ng isang bansa. Ngunit sino nga ba ang may karapatan? Sino ang dapat makinabang? Para kanino at para saan ba ang paggamit dito? Paano ba ang paggamit at pamamahala nito? Bawat panig ay may kanya-kanyang sagot at interpretasyon sa bawat tanong na ito.

Ipinakikita sa diagram ang mga panig na kadalasang naglalaban at nasasangkot sa tunggalian dahil sa kanilang magkakasalungat na pag-angkin sa pagkontrol at paggamit sa likas-yaman ng pamayanan.



Ang mga Panig na Kadalasang Umaangkin sa Pagkontrol at Paggamit sa Likas-Yaman

Kung tutuusin, bawat panig ay may layuning makamit ang anumang makabubuti sa sarili nito, at marahil, para rin sa iba. Layunin ng bukrasya ang pangangalaga at preserbasyon ng kalikasan sa ngalan ng sustenidong pag-unlad. Pero nakaharap din ito sa katotohanang hindi nito kayang solohin ang pangangalaga at pamamahala sa likas-yaman ng bansa. Kaya ang pribadong sektor ang napili nitong maging katulong sa pamamahala at pangangalaga ng kalikasan. Layunin naman ng pribadong korporasyon na makatulong sa pamahalaan subalit kailangan din nitong harapin ang pagsulong ng interes ng negosyo. Kung hindi uunlad ang negosyo ay hindi rin ito makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya ng isang pamayanan.

Sa kabilang banda, ang interes ng komunidad, o ng mga organisadong grupo ng mga mamamayan nito, ay pangalagaan at pamahalaan ang kalikasan para sa kapakanan ng mga miyembro ng pamayanan. Inaangkin nila ang karapatang makinabang sa likas-yaman ng pamayanan, ang kumuha rito ng ikabubuhay nila sa paniniwalang silang mga kasapi ng pamayanan ang may karapatan sa mga likas-yaman na sakop nito. Gayundin, inaangkin din nila ang karapatang malaman kung paano gagamitin ang likas-yaman sa dahilang anuman ang dalhin nitong masamang epekto, ang komunidad ang unang-una at direktang maaapektuhan.

Samakatwid, kung hindi magkakaroon ng pagkakasundo ang tatlong panig na sangkot sa isang usapin sa kalikasan, malaki ang posibilidad na umusbong ang tunggalian ng mga panig na ito. Kung patuloy ang tunggalian sanhi ng usapin sa paggamit ng likas-yaman, ang kalikasan at ang mga mamamayan din mismo ang lalabas na talo sa bandang huli. Habang hindi natutugunan ang mga usapin, patuloy na hindi matutugunan ang pangangailangang pangalagaan ang kalikasan.

Upang makarating sa isang posisyong sasang-ayunan ng mga panig na may nagtutunggaling interes, kailangan munang iharap sa bawat isa ang mga plano o panukala ukol sa paggamit ng likas-yaman. Napakahalagang papel ang ginagampanan ng pagsang-ayon ng komunidad sa isang proyektong ipatutupad ng pamahalaan o ng pribadong sektor. Napatunayan na ng di mabilang na karanasan sa implementasyon ng mga programa ng pamahalaan ang kahalagahan ng pagpapabatid sa komunidad ng anumang ipatutupad sa kanilang lugar at maging ng kanilang aktibong partisipasyon dito.

Ang Tunggalian sa Kalikasan sa Pananaw ng mga Kalahok sa Pagsasanay

Upang malaman ang iba't ibang pananaw tungkol sa tunggalian sa kalikasan at ang pinag-uugatan nito, sumailalim sa ilang aktibidad ang mga kalahok sa pagsasanay. Sa unang pagsasanay na isinagawa, ang mga kalahok ay inatasang tapusin ang pangungusap na ito: *Ang pangunahing dahilan kung bakit nauubos ang likas-yaman ay _____.*

Ang mga kalahok ay inatasan ding ipaliwanag ang kanilang sagot sa pamamagitan ng ilang pangungusap at magbigay ng kanilang mga mungkahing solusyon sa mga suliranin sa kalikasan.

Karamihan sa mga kalahok ay naniniwalang ang pagkaubos ng likas-yaman ay sanhi ng kahirapan at kawalan ng sapat na hanapbuhay. Marami rin sa kanila ang naniniwalang ang mismong kapabayaang ng tao at ang kasakiman ng iilan ang nagiging dahilan ng pagkaubos ng likas-yaman. Ang mga mungkahing solusyon sa mga suliraning ito : ang mahigpit na pagpapatupad ng batas ukol sa pangangalaga ng kalikasan; ang pagbibigay ng sapat na edukasyon at impormasyon sa mga mamamayan; at ang pagbibigay ng pamaliit na hanapbuhay sa mga taong umaasa sa kalikasan.

Ang isinulat ng mga kalahok sa mga “balotang” ipinamahagi ang siya na ring pinagbatayan ng RTK Team ng isang halimbawang kaso para isadula ng mga kalahok. Ginamit na halimbawa ng tunggalian sa kalikasan ang karanasan ng isang pamayanan kaugnay ng pagpapatupad ng programang IFMA (Industrial Forest Management Agreement) ng pamahalaan. Ginampanan ng mga kalahok ang papel ng gobernador ng lalawigan, opisyal ng Department of Environment and Natural Resources (DENR), isang NGO worker, isang kinatawan ng korporasyong binigyan ng kontratang IFMA, at isang kinatawan ng mga katutubo. Naging mahalagang punto sa dramatisasyong ito ang pagkakaroon ng iba’t iba at kanya-kanyang pananaw ukol sa paggamit at pakikinaibang sa kalikasan. Lumalabas na ang tunggalian sa kalikasan ay kadalasang mauugat sa magkakasalungat na opinyon at pagpapahalaga at sa hindi pagkakaroon ng oportunidad na makalahok sa paggawa ng desisyon. Sa tunggalian sa kalikasan, hindi balanse ang labanan dahil hindi rin balanse ang distribusyon ng kapangyarihan sa isang lipunan.

Inilahad din sa talakayan ang kakulangan ng pamahalaan na isaayos ang pamamalacad at pagpapatupad ng mga programa nito dahil sa “palakasan” at katiwalian. Dahil dito, nagiging negatibo tuloy ang pagtingin ng tao sa pamahalaan. Ang mga tao ay laging handang makipagtulungan sa pamahalaan tulad halimbawa sa DENR. Pero ang ahensyang ito ay puro “gayak” lang at walang pagkilos kahit pa ang mga mamamayan ay nagrereport dito ng pagpuputol ng puno sa gubat. Nawawalan tuloy ng gana ang mga tao na makibahagi at makipagtulungan sa pamahalaan. Ayon naman sa kinatawan ng DENR, ang mga namumutol ay pinagbibigyan lang dahil sa kawalan ng sapat na hanapbuhay. Kung magiging mahigpit umano ang pamahalaan, marami ang tatamaan at mahihirapan. Sa katapusan, naging mahalagang punto ang pagkakaroon ng malalim na pinag-uugatan ng tunggalian sa kalikasan sa lipunan.

Sa ikalawang pagsasanay, ang mga kalahok ay inatasang magsulat ng mga salitang maaari nilang itambal sa salitang “tunggalian sa kalikasan.” Ang mga naging tugon ng mga kalahok sa tanong na: “Ano ang naisip ninyo kapag nababanggit ang mga salitang tunggalian sa kalikasan?” ay tumukoy sa kahulugan ng termino at sa iba’t ibang antas o manipestasyon nito.

Kahulugan

- pagbabanggaan ng iba’t ibang interes ng mga tao kaugnay ng lahat ng aspeto ng kalikasan
- isang usapin o labanang may kaugnayan sa kalikasan
- umuusbong dahil sa magkakaibang pananaw sa sistema at paraan ng paggamit ng kalikasan

- mauugat sa pagkakaroon ng iba't ibang katwiran sa paggamit ng kalikasan ayon sa iba't ibang kapakinabangang pansarili o pambayan
- labanan kaugnay ng pamamahala sa kalikasan
- tunggalian ng interes ng tao at ng kalikasan

Antas/Manipestasyon

- pagpapalitan ng mga opinyon at talakayan
- pakikipaglaban para sa likas-yaman
- pagtatalo-talo tungkol sa ikabubuti ng kalikasan
- tanungan at sagutan/debate
- tagisan ng isipan at kaalaman tungkol sa kalikasan
- tunggalian ng mga kaisipan ng mga mamamayan tungkol sa kalikasan

Ang Suliranin sa Kalikasan bilang Pangunahing Problema ng Pamayanan

Sa ilang ginanap na pagsasanay sa Bataan noong Marso 1997 ukol sa resolusyon ng tunggalian sa kalikasan, natuklasang ang mga suliranin sa kalikasan ay tinuturing na isa sa mga pangunahing problemang kinakaharap ng mga pamayanan. Ang mga kalahok ay binuo sa mga grupo. Bawat grupo ay inatasang tumalakay ng tatlong pinakamahalagang suliranin o isyung kinakaharap ng kanilang barangay. Pagkatapos, ito ay kanilang ilalahad sa lahat ng kalahok sa pagsasanay. Maaaring maglahad ang mga grupo sa iba't ibang paraan. Maaari silang kumanta, magsadula, tumula at gumuhit.

Lumabas sa paglalahad ang mga sumusunod na problema't isyu:

- kawalan ng trabaho
- pagkagumon sa ipinagbabawal na gamot
- kawalan ng katahimikan at kaayusan (peace and order)
- tunggalian ng mga pulitiko
- kakulangan ng suportang pangkalusugan
- pagkasira ng kalikasan
- maagang pag-aasawa ng kabataan
- kawalan ng sapat na edukasyon
- kakulangan sa tirahan
- di-pantay na pagtrato at pagtingin sa kababaihan
- pagkamkam sa lupain ng mga katutubo

Ilan naman sa mga nabanggit na suliranin sa kalikasan ay ang sumusunod:

- ilegal at komersyal na pangangisda
- ilegal na pagbebenta at pamimili ng lupa sa parke (halimbawa, sa Bataan National Park)
- ilegal at malawakang pagputol ng mga puno sa kagubatan
- land conversion

- pagbabaw ng ilog at bukana ng dagat
- pagdumi ng kapaligiran
- polusyong dulot ng mga pabrika

Sa talakayang ginanap matapos ang paglalahad ng bawat grupo, tinukoy ng mga kalahok ang mga posibleng epekto ng mga problemang isinaad ng bawat grupo at ang mga ugat nito. Ang ilang halimbawa ng mga puntong lumabas sa talakayan:

PROBLEMA	EPEKTO	UGAT
• pag-abuso sa kalikasan	• kahirapan	• kasakiman ng tao
• kawalan ng hanapbuhay	• krimen/nakawan	• kahirapan
• tunggalian sa pulitika	• kawalan ng tiwala sa gobyerno	• pansariling interes

Kadalasan, ang interes ng tao ay ang mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, tirahan, damit at edukasyon. Dahil sa kakulangan sa hanapbuhay at pagkakakitaan, madalas na nagiging biktima ng tao ang kalikasan. Sa kahirapan, ano pa nga ba ang maaaring takbuhan ng tao para sa kanyang pangangailangan? Ano pa ang maaaring maging pagtingin ng tao sa kalikasan kundi ito ang pinakamadaling pagkukunan ng kanyang ikabubuhay?

Samakatwid, walang ibang maaasahan ang tao kundi ang kalikasan. Ngunit kung hindi ito mapangangalagaan, paano mapupunuan ang mga pangangailangan ng tao? Kung gayon, kailangang magkaroon ng responsibilidad ang mga tao sa kanilang paggamit at pagkuha ng ikabubuhay mula sa mga likas-yaman. Mahalagang maimulat ang mga tao sa mga paraan ng pangangalaga at pagtatanggol sa kalikasan.

Inilahad sa mga kalahok ang iba't ibang antas ng paggamit ng tao sa kalikasan. Ito ay ipinakita sa pamamagitan ng isang spectrum. Ang iba't ibang antas ay ang sumusunod:

- 1 mga gawaing may maliit na epektong nakaiistorbo o naka-gagambala sa kalikasan (hal., pagputol ng puno para panggatong);
- 2 mga gawaing nagdudulot ng maliit na pagkasira sa kalikasan (hal. maliit na kaingin);
- 3 mga gawaing mapanira (hal., paggamit ng mga kemikal na nakalalason sa lupa); at
- 4 mga gawaing labag sa batas (hal., paggamit ng dinamita sa pangangisda at illegal logging).

Nagkaroon ng pagsusuri sa mga gawain ng mga tao na nakagambala o nakasisira sa kalikasan. Sa paglalagom, nagkaisa sa puntong kung ang mga gawain ay isasagawa kasabay ang responsibilidad, maaaring ang kalikasan ay "magambala" ngunit hindi permanenteng masisira o magkakaroon ng masamang matagalang epekto.

2

Galaw ng Tunggalian sa Kalikasan Pagsusuri sa Katangian ng Tunggalian sa Kalikasan

Ang tunggalian, anuman ang katangian o pinagmumulan nito ay may pag-inog o paggalaw. Ito ay sumasailalim sa mga pagbabago at yugtong dinadaan: may pagsisimula, pag-angat o pagsidhi, paghupa at pagtatapos. Maihahalintulad ito sa pag-agos ng tubig sa ilog na may pinagmumulan, may dinaraan: nagbubunsod ng pagdagsa o pagtindi, may pansamantalang pananahimik, paghupa at pagtatapos.

Ayon kay JOHN PAUL LEDERACH, isang Amerikanong dalubhasa sa pag-aaral ng tunggalian sa lipunan, isang simple ngunit mabisang paraan upang mas maunawaan ang tunggalian ay ang suriin ito bilang binubuo ng tatlong elemento: tao, proseso, at problema. Alinman dito, o ang kombinasyon nito, ay maaaring magdulot o maging dahilan ng tunggalian. Dagdag pa niya, ang mga elementong ito ay palaging kasanib ng pag-unlad at ng resulta ng tunggalian. Ano ang pakahulugan ng bawat elementong ito? Ayon kay LEDERACH (1992A), ito ay tumutukoy sa mga sumusunod:

Tao : nangangahulugan ng pag-uugnayan at ng mga sikolohikal na elemento ng tunggalian. Bahagi nito ang emosyon, pakiramdam, pagtingin sa sarili, pananaw, pag-unawa sa problema, atbp. Sa usapin ng kahihinatnan ng tunggalian, ang partikular na aspetong ito ay maaaring mangahulugan ng posibilidad ng pag-abot sa isang sikolohikal na pagsasara, o kaya nama'y sa pagsasaayos ng pagkakaunawaan ng isa't isa.

Proseso : ito'y pangunahing tumutukoy sa mga pamamaraan kung saan ang mga desisyon ay nabubuo at kung ano naman ang nararamdaman ng tao kaugnay nito. Malimit na nakaliigtaan ng marami na ang proseso ng pagdedesisyon ay isang pangunahing pinagmumulan ng tunggalian. Dito natin mauugat ang samaan ng loob, ang pakiramdam ng isang indibidwal na siya ay hindi nabigyan ng makatarungang pagtrato at sapat na kapangyarihan upang panghawakan ang isang sitwasyon. Ang papel ng resolusyon ng

tunggalian ay mabigyang-kapangyarihan ang mga apektadong mamamayan para magsakatuparan ng mga proseso ng pagdedesisyon na hihikayat sa kanila na maging bahagi nito.

Problema: ito'y ang relasyon ng mga isyung umuusbong sa pananahon at ng mga pananaw o posisyon ng bawat isa na kalimitan ay nagkakaiba-iba. Kadalasang bahagi nito ang di magkatugmang pagpapahalaga, ang salungatan ng mga pananaw kung paano haharapin ang isang desisyon, ang pagkakaiba-iba ng pangangailangan o interes, at ang kongkretong salungatan hinggil sa paggamit, bahaginan o pagkuha sa limitadong likas-yaman (lupain, pera o oras).

Sa pagsusuri ng galaw ng tunggalian sa kalikasan, dapat nating harapin ang ilang mahalaga't magkaugnay na mga tanong. Batay sa karanasan sa tunggalian at iba't ibang kasulatan, maaring matukoy ang:

- **Mga Panig o Puwersang Bahagi ng Tunggalian** Sino-sino ang panig o puwersang nagtutunggali? Sino-sino ang tuwiran at di-tuwirang kalahok? Ano-ano ang kanilang katayuan o pananaw sa isyu? Kanino o/at saan sila pumapanig? Ano-ano ang kanilang pinangangalagaang interes?
- **Isyu o Problemang Pinagtutunggalian** Ano ang pinagmulan ng suliraning kinakaharap? May kaakibat bang mga isyu o pangyayaring tila nagpapalala o nagpapahupa sa tunggalian? Ano-anong pagbabago sa sitwasyon ang may epekto sa tunggalian?
- **Antas ng Tunggalian** Sa usapin ng patutunguhan ng tunggalian, may nakikita bang posibilidad na ito'y lalong lalala/tatagal pa o huhupa/matatapos sa takdang panahon? Nasaang antas na ang kasalukuyang tunggalian?

Kaugnay ng mga nabanggit sa itaas, sa pagsusuri ng anumang suliranin o isyung may taglay na tunggalian, mahalagang maunawaan ang batayang dahilan o pinagsimulan nito. Sa simple ngunit mabisang paraan, masasabing ang tunggalian sa kalikasan ay malimit magmula sa hindi pagtutugma ng mga datos, pagpapahalaga at interes na siyang pinagbabatayan ng bawat panig. Upang higit nating mapalawak at mapalalim ang pagsusuri sa isang tunggalian, mainam na mahimay-himay natin ang iba't ibang aspeto nito.

- 1 **Mga pinanghahawakang datos** Mahalagang malaman sa simula pa lang ang mga tampok na isyu/pangyayari at ang mga problemang sumulpot kaugnay nito. Dito maingat na sinusuri kung ano ang pagtingin ng bawat puwersang sangkot sa tunggalian tungkol sa isyu o problema. Ang mga panig o puwersa ay kadalasang nagkakaiba sa pagtingin, pag-unawa't interpretasyon sa mga datos. Sa aspetong ito, bilang nagsusuri sa tunggalian, gusto nating matukoy kung ano ang:

- problema/isyu batay sa mga pangyayari
 - mga tao, grupo o ahensyang kasangkot at ang kani-kanilang pagkilos
 - kanilang interpretasyon o pag-unawa sa mga pangyayari at sa kalagayan
 - mga kakabit na isyung teknikal, politikal, pinansyal, atbp.
- 2 **Mga pagpapahalaga (values)** Ilatag at banggitin ang mga batayang prinsipyo, pananaw o paniniwalang gumagabay sa bawat panig (tao, grupo o partido sa tunggalian) sa kanilang pagharap sa suliranin. Kaugnay nito maaari itong suriin batay sa sumusunod na pinanghahawakang prinsipyo:
- demokratikong proseso
 - katarungan/hustisya (kasama rin ang pananagutan)
 - pagtitiwala
 - malasakit sa kalikasan/komunidad/kapwa
 - patrimonya (sinu-sino ang dapat makinabang?)
 - atbp.
- 3 **Mga interes** Aling bagay-bagay ang nagpapagalaw sa bawat grupo o panig sa tunggalian? Mainam ding masuri ang kanilang motibasyon, mga pangunahin at kaakibat na interes.

Halimbawa ng pangunahing interes:

- pampulitika (hal., posisyon, eleksyon, patronahe)
- pang-ekonomiya (hal., trabaho, kita, pag-aari)
- pangkalikasan (hal., kaligtasan, kinabukasan)
- pangkultura/paniniwala (hal., preserbasyon, respeto)
- pangkomunidad/pamayanan
- atbp.

Halimbawa ng kaakibat/kaugnay na interes:

- relasyon o ugnayan (hal., kamag-anak, kumpare, kaibigan)
- personal (hal., personal na alitan, ugali, kahihiyan)
- atbp.

Isang simple't madaling paraang magagamit sa ganitong balangkas ng pagsusuri ay ang pagbuo ng isang tsart kung saan maaaring ilatag ang bagay-bagay na may kaugnayan sa tunggalian:

Isyu/Pagpapahalaga/Interes	Panig 1 (Sumasangayon)	Panig 2 (Walang pinapanigan)	Panig 3 (Tumututol)
1. Batayang datos			
2. Pagpapahalaga			
3. Interes			

Sa ganitong paraan ng pagsusuri, maaari nating mas makita't masuri ang iba't ibang posisyon ng bawat panig — kung saan sila nagkakaiba o nagtutunggali, gayundin, kung may pagkakapareho/pagsasalubong ng interpretasyon, pag-unawa, motibasyon at pakiramdam sa isyung pinagtutunggalian. Isang magandang halimbawa nito ay ang kaso ng IFMA sa Bataan na bagamat may salungatan sa batayang datos ang bawat panig sa usapin ng pagputol sa mga puno sa kagubatan ng Abucay, nagkakaisa naman sila sa usapin ng pagpapahalaga sa kalikasan. (Tingnan ang pagsusuri sa kaso ng IFMA sa Part 4.)


Transpormasyon ng Tunggalian

Ang tunggalian sa anumang antas nito ay may dinaraanang dinamiko o paggalaw. Makikita nating may kaugnayan ang bawat isa rito sa struktura ng tao, proseso at problema. (LEDERACH 1992B)

- 1 Kadalasan, ang simpleng pagtatalo o di-pagkakaunawaan ay napupunta sa personal na alitan. Ang pagkakaiba sa pagtingin ng bawat isa sa partikular na usapin ay humahantong sa pagbatikos sa kabilang panig, sa pasaring sa pagkatao, motibasyon at interes nito. Sa halip na unawain at harapin ang problema o isyu ay tinitingnan ang isa't isa bilang siya mismong problema.
 - (a) Bawat isa ay may bahagi at responsibilidad sa problemang kinaharap
 - (b) Tinitingnan ang katunggali bilang mismong problema
- 2 Sa usaping pinagtutunggalian, malimit magkaroon ng pagbabago sa mga isyu habang tumitindi ang tunggalian. Sa una, ang tunggalian ay nagsisimula at umiinog lang sa iisang isyu; ngunit sa paglipas ng panahon, mga bago't kakaibang problema naman ang umuusbong. Ang "usapin" hinggil sa isang isyu ay mas lumalawak sa halip na nakatuon lang sa iisang usapin. Ang patakaran ay isang kaso ng pagpapalawak at pagpapalala na nagbubunga lang ng higit na pagkalito't kawalan ng kontrol.
- 3 May kawalan ng pagharap at hindi na tugma ang komunikasyon ng bawat panig. Ang mga tao'y madalang magkatagpo't mag-usap, at mas nakikipag-ugnayan sa ibang panig na sumasang-ayon sa kanila. Ang paglalim ng emosyonal na pagkasangkot sa problema ay tumutugma sa pagbawas ng kakayahan ng bawat isa na makinig at makipagharap.
- 4 Nagsisimulang pumasok ang gantihan o paghihiganti. Bawat isa'y nagbibigay reaksiyon, hindi sa batayan ng orihinal na isyu o pang-yayari, kundi sa pinakahuling aksyon o inisyatiba ng kabilang panig.
- 5 Sa mga grupong tulad ng mga samahan ng magkakapitbahay, sektor, atbp., ang tunggalian ay malimit na nagbubunsod ng pagba-

bago sa anyo ng struktura o relasyon sa loob nito. Tuwing sisidhi ang isang problema/tunggalian, nagkakaroon ng polarisasyon o paghihiwalay ng mga tao/pwersa, at bawat isa'y kailangang manatili o kumampi sa isang kampo. Nagiging mahirap ang pumagitna o ang walang pinapanigan. Sa pagsusuma, ang mga galaw na ito, kung pagsasama-samahin ay nagbubunga ng pagkasira sa relasyon/ugnayan at hindi nakatutulong upang malutas ang isang problema. Hahayaan ito't hindi mapamamahalaang mabuti, magdudulot ito ng higit na tunggalian tulad ng makikita sa ilustrasyon:


TRANSFORMASYON NG TUNGGALIAN



Sintesis

Sa pagsusuri ng tunggalian sa kalikasan, mahalagang maunawaan ang ugnayan ng mga nagtutunggaling puwersa kaugnay ng mga datos, pagpapahalaga at interes. Bagamat may malinaw na pagkakaiba-iba ng posisyon sa pagharap sa isyu o pangyayari na nagbubunsod ng tunggalian, mayroon ding mga pagtutugma o pagkakaisa sa mga usaping ito. Maaaring sila'y nagkakaisa sa batayang datos, ilang pagpapahalaga o interes. At dahil sa ganitong mga puwang at salubungan, nagiging posible ang ugnayan ng nagtutunggaling puwersa. Sa mga ugnayang ito umuusbong ang resolusyon kung hindi mas higit pang tunggalian ng mga puwersa. Isang halimbawa ng balangkas ng ganitong ugnayan ang sumusunod:

Kung ating pagbabatayan ang nasabing balangkas, makikita natin ang tatlong puwersang madalas na nagtutunggali sa usapin ng kalikasan. Ito'y kinakatawan ng Estado (o ng pamahalaang lokal na siyang malimit humaharap kung may kaso sa komunidad), ng Pribadong Sektor (sa pamamagitan ng mga negosyanteng korporasyong nagsasagawa ng proyekto sa isang lokalidad), at ng pamayanan o ng mamamayan (na siyang apektado sa mga proyekto). Madalas na may sabuwatan o ugnayan ang pamahalaang lokal at ang pribadong sektor laban sa interes ng komunidad. Sa ilang pagkakataon naman, maaari ring may salungatan ang bawat isa depende sa sitwasyon o problemang kinakaharap.



Batay sa ganitong balangkas, maaaring ang dalawa o ang lahat ng puwersang magkatunggali ay magpasyang mag-ugnayan para iutasin ang isang problema o isyu. Sa kabilang banda, maaari ring ipagpatuloy ang kanilang alitan sa pamamagitan ng pag-iwas sa pag-ugnay sa kabilang puwersa. Sa anumang sitwasyon ng tunggalian, mainam gamitin ang ganitong balangkas upang maunawaan ang galaw ng tunggalian, at sa gayon ay epektibong maharap at malutas ito.

3

Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan

Amiinog sa lahat ng usaping tunggalian sa kalikasan ang usaping relasyon sa kapangyarihan. Ang kapangyarihan ay maaaring patungkol sa awtoridad na nagsagawa ng desisyon: halimbawa, pagbibigay ng lisensya o kontrata, o pagtatakda ng sakop ng isang proyekto.

Maaari ring patungkol sa angking impormasyong ginagamit para ang isang panig ay mas makinabang sa kalikasan, o kaya nama'y maging sanhi para mabunyag ang di magandang gawa ng iba.

Maaari ring kapangyarihan sa ekonomiya ang magiging mahalagang salik sa isang tunggalian. Halimbawa, maaaring mapabilis ng salapi ang pagpoproseso ng papeles at ang pagpapahupa sa pagtutol ng iba. Samantala, ang kapangyarihan ay nanggagaling din sa angking armas o iba pang instrumento ng karahasan ng isa o dalawang panig. (Tignan and tsart sa susunod na pahina)

Dalawang klase ang kapangyarihang pulitikal: ang nasa estado, at ang nasa tao o masa. Kung demokratiko ang sistema, sinasabing ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nanggaling sa tao. Pero madalas na ang estado ay nalilimutang ang kapangyarihan nito ay ipinagkakaloob lang ng mga rhamamayan. Sa halip, iniisip ng mga pulitiko na ang kanilang kapangyarihan ay dulot ng kanilang puwesto. Malimit na ginagamit ang kanilang kapangyarihan para sa sariling interes.

Ang people's power ay kapangyarihang pulitikal din. Mula ito sa pagkakaisa ng marami. Pampulitikang kapangyarihan ito sapagkat itinutulak nito ang mga mama-mayan na makialam sa paggawa ng desisyon kaugnay ng panlipunang usapin.

Bawat tao ay may kapangyarihan para pahasayin ang sarili at impluwensyahan ang mga pangyayari sa kanyang buhay.

Samantala, may mga tao o institusyong may taglay na lakas o impluwensya dahil sa katangian nilang moral o spiritwal. Pinaniniwalaan at nirerespeto sila ng dahil sa kanilang integridad at bilang representasyon ng iba pa, hindi lang ng mga bagay na materyal. Ang mga taong-simbahan at ang mga may edad na ang kadalasang nagtataglay ng ganitong uri ng kapangyarihan.

Mga Uri ng Kapangyarihan

Uri ng Kapangyarihan	Pinagmumulan	Komento
Pampulitika		
a. Estado	• Batas/ Konstitusyon	• Sa demokrasya, nagmumula rin sa tao ngunit kapag naluklok na ang opisyal, nagmumula na lang sa posisyon ang kapangyarihan; kadalasang ginagamit sa pansariling interes.
b. Mamamayan <i>people's power</i>	• Nagkakaisang lakas ng marami • Tapang o lakas ng loob • Paninindigan	
Tao	• Pagkatao • Sariling kapasidad	• Taglay ng bawat isa
Pang-ekonomiya	• Taglay na kapital o pag-aari	
Espiritwal o moral	• Integridad • Pakikipagkapwa-tao	
Impormasyon	• May kakayahang makakuha ng impormasyon	• Digmaan ng kuro-kuro • Mas alam ng may hawak impormasyon kung anong taktika't estratehiya ang gagamitin.
Armas	• Baril, instrumento ng karahasan • Madugong pakikibaka, wala nang diplomasya	• Taglay ng iba't ibang grupo sa loob ng pamahalaan; gayundin, ng mga grupo sa labas ng pamahalaan tulad ng New People's Army (NPA). Sa iba, ang NPA ang nasa likod ng people's power.


* Halaw sa naging talakayan sa mga pagsasanay.

Distribusyon ng Kapangyarihan

Sa pangkalahatan, mas malaki ang kapangyarihang taglay ng pamahalaan at malalaking negosyo. Ang pamahalaan ay may lehitimong kapangyarihang gumamit ng awtoridad at karahasan, ayon na rin sa batas. Ang pamahalaan din ang kinikilalang may-ari at tagapamahala ng likas-yamang itinuturing na pampubliko.

Ang malalaking negosyo naman ang nagtataglay ng kapangyarihang pang-ekonomiya. Ang ibang panig, tulad ng komunidad, ay kadalasang nag-aangkin lang ng kapangyarihan batay sa bilang o dami, at ng karapatang patrimonyal bilang nauna o katutubo sa pinagtunggaliang likas-yaman.

Samantala, namamalas ang kapangyarihan ng pamayanan sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos o *people's power*. Ang iba pang panig, tulad ng NGOs, ay mayroon ding kapangyarihan ngunit hindi ito sinlakas ng sa pamahalaan o negosyo.



Ang nasa itaas ng pahalang na linya ang mga panig na nagtataglay, sa pangkalahatan, ng higit na kapangyarihang angkinin ang pag-aari, pamamahala at/o paggamit sa likas-yaman.

Nakita na sa maraming pagkakataon na ang ganitong distribusyon ng kapangyarihan kaugnay ng isang bagay, tulad na likas-yaman, ang nagdudulot ng maraming tunggalian, lalo na sa pagitan ng mga nasa itaas at nasa ibaba ng linya.

Ang resolusyon ng tunggaliang-kalikasan, samakatwid, ay nakakabit sa mas balanseng distribusyon ng iba't ibang uri ng kapangyarihan sa mga panig na kasangkot.

Mula Pag-angkin Tungo sa Relasyong Konsenswal


Sa kasalukuyan, mahirap makamit ang pantay-pantay na pakinabang sa likas-yaman. Unang-una, may interes ang likas-yaman na interes lang nito at di-tuwirang lapat sa interes ng ibang tao. Pangalawa, may angking lakas ang bawat sektor na maaaring mapakinabangan ng lahat (maging ng kalikasan), at ang pagkakanya-kanya ay maaaring mauwi lang sa pagkaubos o pagkasira ng kabuuang yaman.

Ang hinihingi ng resolusyon ng tunggalian sa kalikasan ay maging mas balanse ang distribusyon ng kapangyarihan. Ang kapangyarihan ay hindi dapat maging kapangyarihan lang ng iilan sa ibang mas nakararami. Ang relasyon sa kapangyarihan ay dapat na konsenswal o pinagkasunduan.

Sa relasyong konsenswal o pinagkasunduan, hindi itinuturing na interes lang ng sariling sektor ang pangunahing pamantayan ng pagkilos at pagposisyon. Mas

mahalaga ang interes ng mas maraming sektor, ng kalikasan, at ng matagalang pag-unlad.

Sa relasyong konsenswal, may pagkilala sa sariling lakas at kahinaan, at sa kahalagahan ng di eksklusibong pansariling solusyon. Ibig sabihin, may pagkilala sa kahalagahan ng pakikipagkasundo, gayundin sa mga mekanismo upang matiyak ang pagiging bukas ng proseso at upang maiwasan ang pang-aabuso ng isa o ibang sektor sa habang panahon.



Sa paghahanap ng resolusyon sa tunggalian, dapat magsimula sa pagtukoy kung ano ang nagkakaisang interes ng lahat. Sa diagram, makikita ang bahagi kung saan magkalapat ang tatlong bilog. Kinakatawan ng bawat bilog ang interes at pagpapahalaga ng bawat grupo. Kapag natukoy na kung saan may pagkakatatulad, maaari itong maging unang hakbang upang makita kung saan magkakaroon ng pagkakasundo o konsensus.

Bilang proseso, may pagkakataong mas nakikinabang sa kagyat na panahon ang isa o dalawang sektor, dahil nga sa mga dipantay-pantay na kapangyarihan. Halimbawa, maaaring mas malaki ang pakinabang ng negosyo at pamahalaan, tulad ng makikita sa magkalapat na bahagi ng mga bilog na kumakatawan sa dalawa. Ngunit nilulutas sa proseso ang mas makatarungang distribusyon ng pakinabang habang pinangangalagaan pa rin ang kalikasan. Sa ganitong paraan, sa takbo ng panahon ay nababago rin ang distribusyon ng kapangyarihan.

Ang Kahalagahan ng Konsultasyon Upang Makamit ang Relasyong Konsenswal

Maiwasan o malulutas ang tunggalian sa kalikasan kapag nakuha ang konsensus o pagsang-ayon ng mahahalagang sektor kaugnay ng mga tanong na ito: Saan o paano gagamitin ang likas-yaman? Sino ang mamamahala sa likas-yaman?

Ang paglulunsad ng masinop at tunay na malawakang konsultasyon, samakatwid, ang isang mahalagang sangkap ng anumang programa sa kalikasan. Ang masinop na konsultasyon ay hindi lang isang mekanikal na gawain upang masabing tinupad ang lahat ng hinihiling ng Environmental Impact Assessment, halimbawa, na kailangan para mabigyan ng permit ng Department of Environment and Natural Resources (DENR). Kaiba rin ito sa isang survey na naglalayon lamang na alamin ang iniisip ng mga taong maaapektuhan ng programa. Ang tunay na konsultasyon ay sinisikap malaman at intindihin ang mga agam-agam ng mga taong maaapektuhan, at matapat na naghahanap ng kalutasan sa mga naturang suliranin o agam-agam.

Sa pamamagitan ng konsultasyon, kinikilala at pinadadaloy ang kapangyarihan ng pamayanan at iba pang sektor upang maging bahagi sa paggawa ng desisyon ukol sa paggamit ng likas-yaman. Ginagawa nitong mas konsenswal, sa halip na monopolistiko, ang relasyon sa kapangyarihan.

Binubuksan ng konsultasyon ang paggamit ng kapangyarihan para sang-ayunan o tanggihan ang mga programang inilalako ng ibang sektor. Nililinaw rito ang iba pang usapin — pamamahala, paggamit, pag-aari ng likas-yaman, pakinabang, mga bagay na mas masalimuot. Sa pamamagitan ng konsultasyon, nalilinaw ang magiging sangkap, natitiyak ang higit na pakinabang ng mas maraming sektor, at nabibigyan ng pagkakataon ang higit na pag-intindi at partisipasyon ng lahat.

Ang masalimuot na mga usaping ito'y mareresolba sa mas maayos na paraan kapag kinilala ang kahalagahan ng relasyong konsenswal at ng pagkuha ng pagsang-ayon. Sapagkat nangangahulugan ng pamamahagi ng pakinabang at ng pagpapatagal sa proseso (kumpara sa monopolistikong pamamaraan), hindi katakatakang umiiwas o nililimita ng ilang sektor ang paggamit sa mga mekanismong tulad ng konsultasyon.

Kahalagahan ng Organisadong Lakas

Ang pagkakamit ng konsenswal na relasyon sa kapangyarihan ay isang proseso. Isang batayang sangkap ng ganitong relasyon ay ang bukas at matapat na komunikasyon ng lahat ng sektor. Upang maging epektibo, hinihingi ng ganitong proseso ang organisadong lakas o kinatawan ng bawat panig. Kailangang may kakayahang makipag-usap, makapagbigay ng malikhaing solusyon, at makipag-negosasyon, lalo na ang mga grupong mas maliit ang pang-ekonomiya't pampulitikang kapangyarihan.

Maraming paraan upang aksyonan ang isang tunggalian. May mga paraang epektibo, mayroon ding kontra sa maayos na proseso. Isang realistikong pananaw ang mamamalas sa tsart ng *Mga Aksyon/Interbensyon* sa susunod na pahina. Ang aksyon ng bawat grupo ay nagdudulot ng reaksiyon at ang pangkalahatang proseso ay nagbabago depende sa kalagayan. (Sa talakayan sa pagsasanay, maaaring suriin ang bentahe't disbentahe ng bawat uri ng interbensyon.)

Mga Uri ng Panig

Sa proseso ng pagharap sa tunggalian sa kalikasan, maraming kasangkot ang gumaganap ng iba't ibang klaseng papel. May nagpapasimula ng pagtutol o pag-angal, at ng pagsasampa sa mga kinauukulan ng hindi pagsang-ayon. May nagsasagawa ng pagkontak, pagkumbinse at pagpapadaloy ng partisipasyon ng maraming grupo. Mayroon ding mga namamagitan sa mga panig at nagsisikap na magsalubong ang magkakaibang panig.

Mga Aksyon/Interbensyon

Uri ng Interbensyon*	Aksyon	Kalahok
People's Power	Pag-oorganisa Kilos masa Pagpapalawak ng kaalyadong suporta Bayanihan	Pamayanan Organisadong grupo (NGOs); Institusyon (hal., simbahan, media)
Pormal/Institusyonal	Diplomasya Negosasyon Pagpapasa ng Resolusyon Pagsasampa ng petisyon Recall initiative Konsultasyon Koordinasyon ng mga barangay/ahensya upang mapalakas ang puwersa	Pamahalaang lokal (antas barangay, bayan, probinsya/ bansa) Burukrasya(hal.DOH, DENR) Hudikatura/Korte (hal., injunction) Lehislatura
Lantad o palilalim na pamamaraan	Suhol Pamumulitika Karahasan (Pisikal/ Pandaraya)	Ginagawa/maaaring gawin ninuman
Atbp.	Pagkumbinse sa pamamagitan ng datos at rason Pagpapakumbaba Paghanap ng tamang lugar Pananampalataya sa Diyos	Lahat

* Halaw mula sa ginawang dramatisasyon ng mga sumali sa pagsasanay na isinagawa sa Bataan

Sa talakayang naganap sa mga pagsasanay, natukoy ang mga sumusunod na ginampanang papel sa proseso ng paghahanap ng solusyon sa inihalimbawang isyu ng tambakan ng basura:

Papel	Ginampanan
Concerned citizen	Nakialam, may pagmamalasakit Nag-organisa Kumilos
Tagapag-ugnay	Tagapag-ugnay ng mga pagkilos. Ginampanan ng NGOs.
Tagapamayapa	Ginampanan ng barangay chairman, opisyal ng pamahalaan, at ng pari (opisyal ng simbahan.) Sa ibang kaso, maaaring gampanan ng karaniwang mamamayan.

Emisaryo

Namagitan sa meyor upang mapadulas ang pag-uusap ng meyor at ibang barangay. Sa kasong ito, ang mga lider-pulitikal ay gumanap na emisaryo sa meyor.

Tinalakay ang mga katangian ng mga taong maaaring maging emisaryo ng pamayanan:

- iginagalang kaya pinakikinggan;
- may impluwensya kaya makatutulong sa kaso;
- kilalang lider dahil malaki ang angkan;
- kinatatakutan dahil matapang.

Sinabing ang mga katangiang ito ay hindi makikita sa iisang tao lamang kaya maraming tao sa pamayanan ang gumaganap na emisaryo.

Bukod dito, may iba pang klase ng emisaryo:

- mga "sipsip"
- tagasuhol
- tagasulsol
- tagagapang
- mga "balimbing"
- mga kaibigan
- mga tagalabas
- pulahan
- atbp.

Tulad ng iba pang papel, may mabuti o masamang kahihinatnan. Halimbawa, natukoy sa pamayanan na may mga "sipsip" at taga suhol na gustong lutasin ang tunggalian sa pailalim at di makatarungang paraan.

(Sa talakayan, maaaring palalimin ang pagsusuri sa iba't ibang uri ng papel at kung sino-sinong tao o ano-anong grupo ang madalas gumanap ng ganitong papel.)

Pagsasara

Ang tunggalian ay bahagi ng buhay sa lipunan. Ngunit hindi ito palaging negatibo. Ang tunggalian ay maaaring maging positibo sapagkat maaari itong magdulot ng pagkakataong mabago ang relasyon sa kapangyarihan nang sa gayo'y maging makatarungan ang lipunan at tunay na mapahalagahan ang kalikasan. Sa halip na paghahati o paghihiwalay, maaaring ang tunggalian ay magdulot ng pagsasama-sama at pagkakaisa.

4

Ang Industrial Forest Management Agreement (IFMA) sa Bataan

Isang Karanasan sa Tunggalian sa Kalikasan ng Bayan ng Abucay

Ang susunod na bahagi ay tatalakay sa naging karanasan sa tunggalian sa kalikasan ng bayan ng Abucay, Bataan. Ang salaysay na ito ay produkto ng pag-aaral na isinagawa ng aming grupo sa loob ng mahigit isang taon. Ang mga datos at impormasyon ay batay sa aming pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang sektor at personalidad na naging kasangkot sa usaping kaugnay ng IFMA. Ang pag-aaral na ito ay inilahad din ng aming grupo sa mga talakayang dinaluhan ng mga taong nakasangkot sa tunggalian.

Napili ng aming grupo na pag-aralan ang kasong ito dahil sa mga katangian ng tunggaliang umuusbong noong panahong iyon. Kaming mga mananaliksik ay nagkasundong ang pag-aaralang tunggalian sa kalikasan ay dapat na umuusbong pa lamang at may potensyal na tumaas ang antas. Sa gayon, masusubaybayan namin ang pag-unlad nito at maging ang proseso ng resolusyon. Bukod pa dito, mas malapit ang Bataan sa aming pinagmumulan (Kamaynilaan) kung ihahambing sa iba pang lugar na may ganitong kinakaharap na kaso kaya magiging mas madali para sa aming grupo ang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang sektor, gayundin sa integrasyon sa komunidad.

Ang Pinag-ugatan ng Tunggalian

Ang Industrial Forest Management Agreement (IFMA) ay isa sa mga programang ipinatutupad ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) upang makapagtanim ng mga puno sa mga nakakalbong kagubatan. Sa ilalim ng programang ito, ang isang pribadong kompanya ay pinagkakalooban ng kontrata upang makapagtanim ng mga puno sa isang bahagi ng kagubatan. Ang kontrata ay nagsasaad na ang kompanya ang responsable sa pamamahala at proteksyon ng lupang sakop ng kontrata sa loob ng 25 taon (maaaring i-renew ang kontrata ng dagdag na 25 taon pa). Ang mga regulasyon ng programang ito ay nakasaad sa Administrative Order Number 60 na ipinatupad noong Oktubre 4, 1993.

Taong 1995 nang umpisahang ipatupad ang IFMA sa probinsiya ng Bataan. Ang Tree Resources and Environment Enterprises, Inc. (TREE) ay pinagkalooban ng DENR ng pahintulot na magtanim ng mga puno sa 4,233 ektaryang lupa sa kagubatang sakop ng mga bayan ng Abucay, Balanga at Bagac. Mga 75 porsiyento ng lupaing ito ay sakop ng Abucay at Balanga. Ito ay dating bahagi ng Bataan National Park (BNP) ngunit kusang inihiwalay sa BNP at isinailalim sa isang panibagong klasipikasyon sa bisa ng Proclamation Number 1956 na ipinatupad ng dating pangulong FERDINAND E. MARCOS. Iginawad sa Manila Seedling Foundation ang 6,000 ektaryang lupa sa kagubatan sa ilalim ng Industrial Tree Plantation Lease Agreement (ITPLA Number 31). Pagkaraang kanselahin ang ITPLA na ito dahil sa paglabag sa kasunduan, ang mauunlad na bahagi ng lupain ay ipinailalim sa pangangalaga ng DENR. Ang mga natirang bahagi ang siyang iginawad sa TREE upang paunlarin sa ilalim ng programang IFMA.

Halos isang taon ang nakalipas nang magsimulang umaksiyon ang mga mamamayan ng Abucay laban sa pagpapatupad ng IFMA sa kanilang lugar. Naipaabot ni Municipal Agriculture and Fisheries Council Chairman (MAFC) GRACIAS FERNANDEZ sa isang pulong ng mga opisyal ng mga barangay sa Abucay ang kalagayan ng proyektong isinasagawa sa kanilang bayan nang lingid sa kanilang kaalaman. Ang di-pagpapalam sa komunidad ng plano ng pamahalaan (DENR) at ng isang pribadong kompanya (TREE) ang naging pangunahing dahilan ng pagkakaroon ng di-pagkakaunawaan ng iba't ibang panig.

Sa panig ng mga taga-Abucay, ang TREE na isang pribadong kompanya ay pumasok sa kanilang lugar nang walang pahintulot nila. Ito ay nangangahulugang hindi kinilala ng TREE at maging ng DENR ang karapatan ng mga tao na malaman kung ano ang mga proyektong ipinatutupad sa kanilang lugar. Ito ay naging isang malaking balakid sa pagkakaroon ng maayos at magandang relasyon sa hanay ng tatlong panig (ang komunidad, ang DENR at ang TREE).

Matapos malaman ng mga taga-Abucay ang tungkol sa pagpapatupad ng IFMA, nagsagawa sila, kasama ang mga opisyal ng pamahalaang lokal (barangay at bayan), mga miyembro ng non-government organizations (NGOs) at iba pang concerned citizens, ng inspeksiyon at imbestigasyon sa mga lugar na sakop ng IFMA. Natuklasan nilang nagpuputol na pala ng mga puno sa naturang lugar. Ito ang naging pangalawang sanhi ng pagtindi ng tunggalian.

Bilang tugon sa isyung kinakaharap ng bayan ng Abucay, ang Sangguniang Bayan ay nagpasa ng isang resolusyon upang hilingin sa DENR ang pagpapawalang-bisa sa kontratang IFMA na iginawad sa TREE. Isinaad ng resolusyong ito ang mga naging basehan ng pagtutol ng mga taga-Abucay sa proyektong IFMA. Ang mga ito ay:

- 1 ang kawalan ng konsultasyon at ang pagpasok ng kompanya nang lingid sa kaalaman ng mga mamamayan;
- 2 sa halip na pagtanim ay ang pagputol sa malalaking puno sa gubat; at
- 3 ang paggamit ng mga di-wasto at baluktot na impormasyon sa isinuniteng Comprehensive Development and Management Plan (CDMP) ng TREE sa DENR.

Para sa mga taga-Abucay, ang mga paglabag na ito ay sapat na dahilan upang kanselahin ang kontrata ng TREE.

Ang pagtutol ng mga taga-Abucay ay humantong sa pagsasagawa ng isang martsa at rally na dinaluhan ng mga residente ng bayan, mga opisyal ng pamahalaang barangay at pamahalaang bayan, mga kasapi ng NGOs at iba pang concerned citizens. Ang martsa ay nagsimula sa isang motorcade mula Abucay patungo sa opisina ng DENR at ng TREE sa Balanga at nagtapos sa kapitolyo ng probinsiya ng Bataan kung saan nagdaos ng isang programa. Sa aksiyong ito ng mga taga-Abucay, hindi naiwasan na ang tunggaliang kinasasangkutan ng pamayanan, ng DENR at ng TREE ay nakarating sa kaalaman ng mga opisyal ng lalawigan, at higit sa lahat, sa iba pang taga-Bataan.

Ang mga Panig na Sangkot sa Tunggalian

Ang uminog na tunggalian sa kalikasan ay kinasangkutan ng iba't-ibang panig. Pangunahin sa mga ito ay ang mga panig na may direktang interes sa lupang sakop ng IFMA. Maaaring hatiin ang mga panig sa dalawang malaking grupo: (1) ang mga tutol sa IFMA; at (2) ang mga nagtataguyod sa IFMA.

Nangunguna sa unang grupo ang mga taga-Abucay. Tumutol ang mga miyembro ng pamayanan sa pagpasok ng TREE at sa pagpapatupad ng IFMA sa kanilang lugar dahil sa kawalan ng konsultasyon at impormasyon kaugnay ng nabanggit na proyekto. Ang pagtutol ng pamayanan sa IFMA ay pinangunahan ng isang grupong binuo ng mga mamamayang nagmamalasakit sa Abucay. Ito ay ang "Save Abucay Forest Movement". Ang grupong ito ay pinangunahan ni GRACIAS FERNANDEZ, tagapangulo ng MAFC sa Abucay, at ni LEONORA SANTOS, prinsipal sa isang pribadong high school at tagapangulo ng People's Law Enforcement Board (PLEB) sa Abucay.

Ang mga Aeta, mga katutubong naninirahan sa kagubatang sakop ng barangay Bangkal sa Abucay ay tumutol din sa pagpapatupad ng proyektong IFMA. Nagsimula ang kanilang pagtutol sa IFMA nang malaman nilang nagpuputol ng puno sa lupang sakop ng proyekto. Tinutulan din nila ang pagpigil sa kanila na pumasok sa naturang lugar. Ang samahan ng mga katutubo, sa ilalim ng liderato ng tribal chieftain na si ROGELIO PARERA, ang nanguna sa pagpapabatid ng pagtutol ng mga katutubo sa proyektong IFMA.

Ang mga naging aksiyon sa pagtutol ay inorganisa din sa tulong ng pamahalaang bayan ng Abucay at maging ng mga pamahalaang barangay. Naging mahalagang instrumento ang pamahalaang lokal upang maipaabot ng mga mamamayan sa matataas na antas ng pamahalaan ang kanilang hinaing.

Sa kabilang banda, ang panig na nagtataguyod sa IFMA ay pinangungunahan ng TREE, ang pribadong kompanyang pinagkalooban ng kontrata ng DENR. Ang TREE ay isa sa mahigit sa 40 kompanya sa ilalim ng Benpres Corporation. Ito ang korporasyong nagmamay-ari ng ABS-CBN at MERALCO. Pangunahing interes ng kompanya na makapagtanim ng puno upang mabawasan ang pag-aangkat ng mga punong gagawing mga poste ng MERALCO. Samakatwid, ang interes ng TREE ay ipatupad ang proyektong IFMA para sa sarili nitong pang-ekonomiyang interes.

Ang pagtataguyod ng IFMA ay pangunahing responsibilidad ng DENR bilang ahensiya ng pamahalaang may tungkuling pangalagaan ang likas-yaman at kapaligiran ng bansa. Sa tunggalian sa kalikasang ito, hindi naiwasang maging kasangkot ang DENR. Ang permisong magpatupad ng proyekto sa pamayanan ay nagmula sa ahensiyang ito. Ito rin ang inaasahang magbabantay sa pagpapatupad ng mga regulasyon ng kasunduan.

May iba pang mga panig na nasangkot sa tunggaliang-kalikasang ito bukod pa sa tatlong pangunahing panig. Ang pamahalaang panlalawigan ng Bataan ay nagkaroon din ng mahalagang papel sa tunggaliang ito. May ilan ding NGOs at people's organizations ang nasangkot sa usapin kaugnay ng pagpapatupad ng IFMA.

Ang Pagsidhi ng Tunggalian

Ang susunod na diskusyon hinggil sa pagsidhi ng tunggalian ay nahahati sa dalawang bahagi: (1) ang paglalahad ng mga nagtutunggaling interes, pagpapahalaga at interpretasyon ng mga pangyayari sa hanay ng mga pangunahing panig; at (2) ang paglalahad ng mga isyung nagpasidhi sa tunggalian.

Ang Iba't Ibang Interes

Masasabi nating bawat tunggalian sa kalikasan ay umuusbong dahil sa magkakasalungat na interes ng iba't ibang sektor sa lipunan. Pangunahin sa interes ng mga mamamayan ang kanilang kabuhayan. Bawat tao ay umaangkin ng karapatang makinabang sa likas-yaman dahil sa paniniwalang walang eksklusibong nagmamay-ari nito. Halimbawa, sa naging kaso sa Abucay, naniniwala ang mga tao na may karapatan silang makinabang sa gubat na sakop ng kanilang bayan. Ang mga katutubo ay umaasa sa gubat para sa kanilang kabuhayan. Ang mga pumuputol ng puno upang gawing bangka ay naniniwalang hindi nakasisira sa kagubatan ang kanilang gawain. Ayon sa kanila, kailangan ang mga bangka upang makahuli ng mga isda na siya namang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga mangingisda. Sa madaling salita, inaasahan pa rin ng mga tao na ang likas-yaman ang siyang magbibigay ng kabuhayan sa lahat.

Sa kabilang banda, may mga sektor din sa lipunan ang naniniwalang kailangang gamitin ang likas-yaman upang makamit ang kaunlarang pang-ekonomiya. Ang interes ng TREE bilang isang pribadong korporasyon ay upang mabawasan ang pag-aangkat ng puno sa ibang bansa nang sa gayo'y mapaliit ang gastos ng MERALCO, kapatid na kumpanya nito. Masasabing ang interes ng TREE ay ang pagpapaunlad ng negosyo sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga prinsipyong "economy, efficiency, and effectiveness."

Ang ikatlong pangunahing interes ay ang interes ng pamahalaan. Layunin ng pamahalaan na makamit ang kaunlaran. Ngunit dineklara rin nito na hindi dapat ikompromiso ang proteksyon ng kapaligiran at likas-yaman sa ngalan ng kaunlaran. Ito ang tinatawag na "sustainable development."

Ipinatutupad ng DENR ang programang IFMA upang matugunan ang mga suliranin sa ating mga kagubatan sa tulong ng mga pribadong korporasyon.

Bukod sa interes ng tatlong pangunahing sektor, may iba pang mga interes ang nakakaapekto sa pagsidhi ng tunggalian sa kalikasan. May mga sektor ng lipunan ang naniniwalang ang kalikasan ay dapat pangalagaan para sa sarili nitong kapakanan bukod pa sa mga sakunang maaaring idulot ng pagpapabaya dito. Ito ang interes ng ilang grupo tulad ng NGOs at POs.

Samantala, ayon sa pananaw ng ilan, ang isyu ukol sa pagpapatupad ng IFMA ay ginagamit din ng ilang personalidad para sa mga pansarili nilang interes. Ang ilan sa kanila ay may interes sa mga lupaing nasasakupan ng IFMA. Mayroon din namang mga pulitikong gumagamit sa isyu upang tumingkad ang kanilang pangalan sa publiko.

Maraming tanong tungkol sa mga tunay na interes ng mga panig na sangkot sa tunggaliang ito. Bawat isa ay may kanya-kanyang interes. Gayundin, bawat partido ay nagsasabing ang kanilang interes ay para sa kapakanan ng kalikasan at lipunan. Ang tunggalian ng mga interes ay maituturing na isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit umusbong ang tunggalian sa kalikasan.

Ang Magkakasalungat na Pagpapahalaga

Lumabas din ang magkakasalungat na pagpapahalaga sa tunggaliang umusbong mula sa pagpapatupad ng IFMA. Sa mga mamamayan ng Abucay, isang mahalagang bagay ang demokratikong implementasyon ng isang programa ng pamahalaan. Ang kawalan ng konsultasyon at transparency sa pagpapatupad ng proyektong IFMA ang masasabing pinag-ugatan ng tunggalian sa pagitan ng mga taga-Abucay sa isang banda, at ng TREE at DENR sa kabilang banda.

Isa pa ring mahalagang isyu para sa mga mamamayan ang kawalan ng hustisya sa pagpaparusa sa mga taong dapat managot sa mga pagkakamali sa pagpapatupad ng IFMA. Halimbawa, hindi naging malinaw sa mga taga-Abucay kung ano ang ipinataw na parusa sa Community Environment and Natural Resources Officer (CENRO) na nagbigay ng pahintulot sa TREE na magputol ng mga puno. Isang usapin pa rin para sa mga taga-Abucay ang parusa para sa mga paglabag na isinagawa ng TREE. Paano na ang pananagutan at responsibilidad ng mga taong sangkot sa mga paglabag?

Lumilitaw rin mula sa karanasan ng mga taga-Abucay ang usapin ng kawalan ng tiwala sa DENR. Ang kawalan ng tiwala sa ahensiya ng pamahalaan ay isang seryosong usapin. Kanino pa magtiwala ang taong-bayan kung nawala na ang tiwala nila sa pamahalaan? Ano ang garantiya na para nga sa kapakanan ng mga taong-bayan ang mga programang ipatutupad nito?

Ilan pa rin sa mga katanungang umusbong sa tunggaliang kinasangkutan ng mga taga-Abucay ang mga sumusunod:

- 1 Sino ang dapat makinabang sa kalikasan?
- 2 Sino ang tunay na nagmamalasakit sa kalikasan?
- 3 Sino ang dapat mangalaga sa kalikasan?

- 4 Sino ang nakaaalam ng kongkretong hakbang para mapangalagaan ang kalikasan?

Ang mga usaping ito ay paulit-ulit na kinaharap ng mga panig na sangkot sa tunggalian.

Ang mga Interpretasyon sa mga Datos at Pangyayari

Ang mga pangyayaring humantong sa pagkakaroon ng tunggalian sa kalikasan ay nakita rin ng mga panig mula sa iba't ibang perspektiba. Sa isyu ng pagpuputol ng puno ng TREE, naging usapin kung ang pagpuputol ay maituturing na illegal logging o illegal cutting. Mula sa perspektiba ng mga taga-DENR, magkaiba ang dalawang ito. Ngunit sa mga taga-Abucay, ang pagpuputol na isinagawa ng TREE ay maituturing na illegal logging.

Sa panig naman ng TREE, hindi nila naiwasan ang pagpuputol ng puno dahil kailangan nilang magtayo ng isang nursery at bunk house. Ayon sa TREE, hindi ilegal ang isinagawa nilang pagpuputol dahil ito ay para sa paghahawan ng bahagi ng gubat na gagawin nilang kalsada. Bukod dito, sa kanilang pananaw, sila ay may pahintulot ng DENR dahil na rin sa pahintulot na ibinigay ng CENRO na nanunungkulan noon.

Sa usapin naman ng kawalan ng konsultasyon at ng kulang na impormasyong ipinaabot sa taong bayan, naniniwala ang TREE at DENR na hindi sila nagkulang dito. Ayon sa TREE, nagkulang lamang sila sa panahon kaya hindi nila naipaalam sa mga taga-Abucay ang pagpapatupad nila sa IFMA. Sila diumano ay nagsagawa ng isang kampanya upang ipabatid sa mga tao ang mga impormasyon ukol sa IFMA. Ayon naman sa isang ulat na isinumite ni Provincial Environment and Natural Resources Officer (PENRO) RICARDO ALARCON kay DENR Regional Executive Director (DENR-RED) RICARDO SERRANO, isang pag-uusap ang isinagawa sa pagitan ng mga kinatawan ng TREE at ng mga opisyal ng mga barangay sa Abucay noong Marso 2, 1996.

Sa kabilang banda, iginiit naman ng mga taga-Abucay na hindi sapat ang mga ito upang masabing may konsultasyong naganap. Ang pagpapatupad ng IFMA ay umabot lamang sa kanilang kaalaman matapos ang isang taon mula nang ipagkaloob ang kontrata sa TREE.

Naging usapin din ang mga "interes" ng mga taong tumututol sa IFMA. Ayon kay PENRO RICARDO ALARCON, ang pagtutol sa IFMA ng mga taga-Abucay ay sanhi ng mga pampulitikang interes ng ilang personalidad. Ayon sa pananaw na ito, ginagamit lamang ang isyu upang siraan ang ilang nanunungkulan sa kasalukuyang pamahalaan. Pinaniniwalaan din na ang pagtutol ng mga taga-Abucay sa IFMA ay sanhi ng ilang pansariling interes tulad ng ilegal na pagpuputol ng kahoy upang gawing bangka. Ang pagpapatupad ng proyekto ay mangangahulugang mababantayan na nang lubusan ang kagubatan. Samakatwid, lumalabas dito ang tanong kung sino ba ang sumisira ng kagubatan — ang TREE o ang mga taga-Abucay?

Nagkaroon din ng dalawang magkasalungat na opinyon tungkol sa klasipikasyon ng kagubatang sakop ng IFMA. Iginiit ng ilang taga-Abucay na ang gubat ay "virgin

or primary forest” kaya hindi maaring ipatupad dito ang isang programa sa pagtatanim ng mga puno. Ayon sa kanila, matatanaw ng kahit sino na ang lugar na sakop ng IFMA ay “magubat at mapuno.”

Sa kabilang banda, ayon sa DENR, ang sinasabing “virgin or primary forest” ay “secondary forest cover” lamang kung saan may mangilan-ngilang puno na may magkakaibang laki at taas. Maaaring ang natatanaw mula sa malayo ay mga baging lamang.

Nang umusbong ang tunggaliang ito, hindi pa rin natiyak kung alin sa dalawang opinyong ito ang wasto. Maging ang DENR ay walang pinanghahawakang datos tungkol sa klasipikasyon ng kagubatan o maging sa bilang o uri ng mga punong matatagpuan dito.

Naging mainit na usapin din ang aktwal na bilang ng mga punong diumano ay pinutol ng TREE. Ayon sa mga taga-Abucay, ang tantiyang bilang ng mga pinutol na puno ay 140. Ayon naman sa mga Aeta, ang bilang ay umabot sa 1,000 at kabilang sa mga pinutol ay ang mga puno ng apitong at tawili na may magkakaibang sukat. Ang mga ito ay pinabulaanan ng TREE. Mangilan-ngilan lamang daw ang kanilang pinutol at pawang “non-commercial species” na kailangang putulin upang maitayo ang kanilang nursery at bunk house. Maaaring ang kanilang paghawan sa mga baging ay inakala ng mga tao na pagpuputol ng kahoy. Kailangan daw nila itong gawin upang linisin ang lugar na kanilang tataniman ng mga puno.

Ang kawalan ng batayang datos ay nagiging sanhi rin ng pagsidhi ng isang tunggalian sa kalikasan. Bukod dito, ang kanya-kanyang interpretasyon ng mga datos at pangyayari ay nakadagdag lamang sa pagiging mas komplikado ng tunggalian.

Mga Isyung Nagpasidhi sa Tunggalian sa Kalikasan

Bukod sa iba't ibang interpretasyon ng mga datos at pangyayari at tunggalian ng mga interes at pagpapahalaga, ang tunggalian sa kalikasan ay uminog din sa loob ng ilang mahalagang isyu. Ang mga isyung tatalakayin sa bahagi ng ito ay maituturing na nagpasidhi sa tunggalian sapagkat ang mga ito ay nakadagdag pa sa komplikasyon ng mga usapin sa halip na makatulong sa resolusyon ng tunggalian.

Una, hindi malinaw ang naging suspensyon ng DENR sa operasyon ng TREE. Ang anunsyong ginawa ni DENR-RED RICARDO SERRANO sa sesyon ng Sangguniang Panlalawigan ay inakala ng marami na isang deklarasyong opisyal. Subalit walang inilabas na gabay sa pagpapatupad ng suspensyon. Hindi malinaw kung ano ang sakop nito at kung hanggang kailan ito ipatutupad. Samakatwid, hindi rin naging malinaw ang katayuan ng TREE.

Dahil sa kawalan ng paglilinaw tungkol sa mga “opisyal” na aksyon ng DENR, hindi rin nabigyang-linaw ang mga parusang dapat ipataw sa mga lumabag sa regulasyon ng IFMA. Bagamat iniutos ni DENR-RED SERRANO ang pagbabayad ng multa, hindi ito sapat ayon sa pananaw ng mga tumututol sa proyekto. Napakaliit ng halagang imumulta ng TREE kumpara sa paglabag nito. Iginiiit ni MAFC Chairman GRACIAS FERNANDEZ na ang paglabag ay hindi lamang ang pagputol sa mga puno kundi ang kawalan ng konsultasyon at ang paggamit ng mga maling impormasyon sa CDMP na isinumite sa DENR. Hindi pa man daw nauumpisahan ang proyekto ay may paglabag na.

Ang ikatlong mahalagang usapin ay tungkol sa mga umaangkin sa lupaing sakop ng IFMA. Batay sa CDMP ng TREE, may 14 na indibidwal (forest occupants) ang nakatira sa lupang sakop ng IFMA. Isa lamang sa 14 na ito ang katutubo (Aeta). Ang lupang kanilang sakop ay umabot sa 193 ektarya. Hindi rin matiyak ang mga datos na ito. Ang bilang ng mga taong pumapasok sa kagubatan ay hindi naman nababantayan nang husto dahil na rin sa kawalan ng mekanismo o sistema ng pagbabantay. Maaaring ang bilang na nakasaad sa CDMP ay mas lubos na mababa kaysa aktwal na bilang. Hindi rin malinaw ang naging batayan ng datos na ito dahil hindi naman nagsagawa ng survey ang TREE. Ang huling survey na isinagawa ng DENR na naging batayan ng mga datos na ito ay noon pang 1988. Bukod sa kawalan ng malinaw na datos, hindi rin malinaw kung paano aayusin o lulutasin ang usapin kaugnay ng mga umaangkin.

Naging matinkad ding isyu sa tunggaliang ito ang pagpapatupad ng mga probisyon ng resolusyong ipinasa ng Sangguniang Panlalawigan (SP) noong Mayo 27, 1996. Nilalaman ng resolusyong ito ang sumusunod na rekomendasyon ng SP hinggil sa pagpapatuloy ng implementasyon ng IFMA:

- 1 ipagbawal ang paggalaw sa residual forest at ang pagputol sa naturally grown trees sa lugar na sakop ng IFMA, at parusahan ang mga lalabag dito;
- 2 ituon ang programang IFMA sa mga open area base maliban sa mga lugar na nauna at natapos nang tamnan;
- 3 pagkalooban ng TREE ng kaukulang kompensasyon o benepisyo ang mga lehitimong naninirahan sa lugar na sakop ng IFMA;
- 4 limitahan ang kontrata sa 25 taon sa halip na 50 taon at ang renewal nito ay dapat aprubahan ng Sangguniang Bayan ng Abucay matapos konsultahin ang taong-bayan at ang Sangguniang Panlalawigan;
- 5 ibalik ang karapatan ng mga taga-Abucay, lalo na ng mga katutubo, na umani ng mga produktong gubat tulad ng buho, panali, atbp.
- 6 ang 80 porsyento ng mga kukuning manggagawa sa kumpanya ay dapat manggaling sa pamayanang sakop ng IFMA area;
- 7 pagtatatag ng isang monitoring team na binubuo ng mga kinatawan ng mga pamahalaang lokal, NGOs at iba pang sektor upang masubaybayan nang maayos ang implementasyon ng IFMA;
- 8 pagpapatupad ng isang komprehensibong information drive sa pangunguna ng DENR at TREE upang bigyang-impormasyon ang mga mamamayan hinggil sa programang IFMA;
- 9 pakikiisa at pakikibahagi ng TREE sa pagsusulong ng mga proyektong pampamayanan (community-based projects); at
- 10 pagpapataw ng sumusunod na kaparusahan: (1) multa, sa unang paglabag; (2) suspensyon sa loob ng isang taon, sa ikalawang paglabag; at (3) kanselasyon, sa ikatlong paglabag.

Hindi tinukoy ng mga rekomendasyong ito kung paano ipatutupad ang mga nabanggit na probisyon. Nagkaroon din ng kalituhan kung aling ahensya ng pamahalaan ang magpapatupad sa mga ito. Ayon sa batas, ang pagpapatupad ng IFMA ay responsibilidad ng DENR. Ngunit sa naging karanasan sa Abucay, hindi naiwasang makialam ang pamahalaang lokal. Matapos ipasa ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang naturang resolusyon, hindi rin naging mabilis ang tugon ng DENR. Ang DENR ay walang inilabas na opisyal o pormal na utos upang linawin ang katayuan ng proyektong IFMA na ipinatutupad ng TREE. Sinabi ni DENR-RED SERRANO na wala siyang pagtutol sa pagpapatuloy ng proyekto at sa mga rekomendasyon ng SP. Subalit ang desisyong ukol sa IFMA ay maaari lamang manggaling sa DENR. Ang pamahalaan lokal o ang Sanggunian ay maaari lamang magbigay ng rekomendasyon. Ang di-pagkakaunawaan tungkol sa responsibilidad ng mga ahensya ng pamahalaan ay isa pang usaping nagpalala sa tunggalian.

Resolusyon ng Tunggalian

Sa naging karanasan ng Abucay kaugnay ng tunggalian sa kalikasan, hindi naging madali ang proseso ng resolusyon ng tunggalian sa hanay ng iba't ibang panig. Ito ay dahil na rin sa pagkakaroon ng nagtutunggaling interes at pagpapahalaga ng bawat panig. Gayunman, may mga pangyayaring nakatulong sa paghupa ng tunggalian na maaari sanang tumuloy sa proseso ng resolusyon ng tunggalian. Hindi pa rin nga masasabing tuluyan nang nagkaroon ng resolusyon ang tunggalian kaugnay ng paggamit sa kagubatang sakop ng Abucay kahit pa ang TREE ay nagpasyang itigil na ang proyektong nasimulan na. May ilan pa ring usaping hindi na tuluyang nalutas pa.

Naging mahalaga ang papel ng SP sa pagdadala sa magkakasalungat na panig upang magkaroon ng dialogue hinggil sa usaping kinasasangkutan ng mga taga-Abucay at ng TREE.

Noong Marso 11, 1996 ay pinagtibay ng SP ang Resolusyon Blg. 59 kung saan hiniling nito sa DENR ang pansamantalang suspensyon ng implementasyon ng IFMA. Nagsagawa ng imbestigasyon ang Joint Committee on Land Use, Environment and Legal Matters upang malaman kung may basehan ang mga alegasyon ng mga taga-Abucay laban sa TREE. Isang field inspection ang isinagawa sa lugar na sakop ng IFMA at ito ay dinaluhan ng mga opisyal ng DENR, mga opisyal ng pamahalaang lokal ng Abucay, mga opisyal ng barangay sa Abucay, mga kasapi ng SP, mga empleyado ng TREE, mga taga-media at ilang concerned groups. Matapos ang inspeksyon, nagkaroon ng dialogue ang mga dumalo. Napagkasunduan sa pulong na ito na magkakaroon ng isang sesyon sa SP upang pag-usapan ang isyu tungkol sa IFMA.

Ang sesyon ng SP noong Marso 26, 1996 ay dinaluhan ng iba't ibang panig na sangkot sa usaping may kinalaman sa IFMA. Kabilang sa mga dumalo ang mga kawani ng DENR sa pangunguna ni DENR-RED RICARDO SERRANO, ang mga empleyado ng TREE kasama ang presidente ng kumpanya na si RAFAEL ABELLO, mga opisyal ng pamahalaang lokal ng Abucay, mga miyembro ng NGOs at concerned citizens groups, mga miembro ng media at mga residente ng bayan ng Abucay. Dito sa sesyong ito ibinahagi ni DENR-RED SERRANO ang kanyang desisyon

na pansamantalang itigil ang implementasyon ng IFMA. Humingi rin ng paumanhin si RAFAEL ABELLO para sa mga pagkakamaling nagawa ng TREE at inamin niyang nagkulang ang TREE sa pagkonsulta sa mga mamamayan ng Abucay. Ipinangako niyang ititigil na ang pagpuputol ng mga puno at tatanggapin nila ang anumang parusang igagawad ng DENR.

Ang lugar para sa dialogue, sa pag-aasikaso ng SP ay maituturing na malaking tulong upang magkasama-sama ang iba't ibang panig. Bagamat hindi nagkaroon ng resolusyon sa mga sesyon, ang pag-uusap ng iba't ibang panig at ang pagkilala sa mga pagkakamaling nagawa ng TREE at maging ng DENR ay nakatulong nang malaki sa pagpapahupa sa tunggaliang nagbunsod ng isang martsa at rally sa kapitolyo ng Ialawigan.

Ang paglulunsad ng TREE ng isang information campaign sa ibang mga komunidad (tulad ng Munting Batangas sa Balanga) na apektado ng IFMA ay nakatulong din sa pagbaba ng tensyon sa hanay ng nagtutunggaling panig. Naging maingat na ang kompanya sa paglapit sa mga komunidad. Sa katunayan, inupahan pa ng TREE ang serbisyo ng isang consultant, ang GAIA South, Inc., upang matiyak ang pagtanggap ng komunidad sa proyektó. Nilayon nilang matiyak ang maaring maging implikasyon ng pagpapatupad ng proyektó sa isang lugar sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga talakayan sa mga barangay hall. Naging masigasig na rin ang TREE sa pag-ugnay sa DENR kung paano aayusin ang mga usapin kaugnay ng ibang taong naninirahan sa lupang sakop ng IFMA.

Ang itinuturing na katapusan ng usapin kaugnay ng IFMA ay ang desisyon ng presidente ng TREE na magkaroon ng indefinite suspension sa lahat ng gawain at operasyon ng kompanya sa Bataan. Sa tantya ng ilang sektor, ang desisyon ng pamunuan ng TREE ay batay sa isinagawang malawak na operasyong militar sa kabundukan ng Bataan. Ito ay may kaugnayan sa ginanap na APEC (Asia-Pacific Economic Cooperation) Summit sa Subic noong Nobyembre 1996. Ngunit ayon na rin kay ABELLO, nagpasya ang pamunuan ng TREE na suspendihin ang implementasyon ng kanilang proyektó dahil ang pagpapatuloy nito ay hindi na makabubuti sa kumpanya. Ito ay hindi na maituturing na mahusay na negosyo dahil hindi na magiging maayos ang kanilang pagtatanim at pamamahala kung hiwa-hiwalay ang kanilang sakop na lugar. Naging desisyon ng kompanya na hindi itutuloy ang proyektó hanggang hindi naaayos ang usapin sa mga umaangkin sa lupa.

Sa karanasan ng Abucay, napatunayang ang paghupa ng isang tunggalian sa kalikasan ay dulot na rin ng pag-aayos sa relasyong pangkapangyarihan. Dahil dito, kinilala ang interes at katutubong karapatan ng nakararami — ang mga taong apektado ng IFMA — na siya ring pinanggagalingan ng kapangyarihan ng pamayanan. Ang masigasig na aksyon ng mga taga-Abucay ang nagpamalas sa kanilang kapangyarihan. Pinatutunayan nilang sila ay may karapatang magbigay ng pahintulot sa mga proyektong may kinalaman sa paggamit ng likas-yaman ng kanilang pamayanan. Sa karanasang ito, binali ng taong-bayan ang monopolistikong prosesong naganap sa pagitan ng TREE at DENR nang simulan ang proyektó.

Sa bandang huli, marami pa ring ibang pangyayari ang nakaapekto sa tuluyang paghupa ng tunggalian: ang operasyong militar na isinagawa sa kabundukan ng Bataan kaugnay ng APEC Summit; ang pagkatuklas ng TREE na napakarami pala

ang umaangkin sa lupang sakop ng IFMA; at ang kawalang-kakayahan ng DENR na lutasin ang usapin sa mga umaangkin sa lupa.

Sa naging karanasan na ito ng Abucay, maituturing na hindi talaga nagkaroon ng resolusyon ang tunggalian. Naging mahalaga ang papel ng iba't ibang pangyayari na nagdala ng paghupa ng tunggalian. Sa huli, hindi pa rin nagkaroon ng kasagutan ang mga mahahalagang katanungan. Matapos kanselahin ang programang IFMA, paano na ang kabundukan ng Bataan? Sino na ang mangangalaga dito? Ang karanasang rinaan ng bayan ng Abucay ay tiyak na magbibigay-aral sa pamahalaan, sa pribadong sektor at sa pamayanan hinggil sa paggamit at pangangalaga ng likas-yaman. Mahalaga ang pagkakaroon ng komunikasyon at pagkakaintindihan sa pagitan ng bawat sektor upang makamit ang mga layunin ng isang proyektong ipatutupad.

Mga Pinagtutunggaliang Isyu sa Kontrobersyang IFMA:

	TREE
MGA BATAYANG DATOS	
1.1 Responsibilidad sa pamumutol ng puno sa loob ng IFMA area	Mahigpit na pinabulaanan ang anumang paratang na ito'y sangkot sa ilegal na pagtotroso.
1.2 Kung ilegal na pagtotroso o ilegal na pamumutol ng puno and naganap	Ang sinasabing pamumutol, sa pananaw ng TREE, ay pawang underbrushing o enhancement activities lang.
1.3 Kung ang kagubatan ay primary/secondary forest	Walang old-growth forest sa loob ng Abucay. Ito ay second-growth forest lang.
1.4 Kung may tunay na pagtutol sa IFMA o wala	Kinikilala at tinatanggap ang mga lehitimong pahayag ng pagkabahala ng iba't ibang samahang sibiko at ng taong-bayan.
1.5 Kung may konsultasyon bang ginawa o wala	May ginawang pagkonsulta o pagpa-paalam sa taong bayan sa pamamagitan ng survey na isinagawa nito bago pa man sinimulan ang proyekto.
MGA PAGPAPAHALAGA	
2.1 Demokratikong implementasyon: konsultasyon at katapatan	Nagsagawa ng pakikipag-ugnayan at koordinasyon sa taong-bayan at sa pamahalaang lokal pagkaraan ng pagputok ng kontrobersya.

Datos, Pagpapahalaga at Interes ng Iba't Ibang Panig

DENR	Komunidad
Ayon sa imbestigasyon ng team ng Provincial Environment & Natural Resources Office-Community Environment & Natural Resources Office (PENRO-CENRO), ang mga kahoy na ginamit sa bunkhouse ay nanggaling sa mga kahoy na iniwan ng illegal loggers.	Ayon sa mga taga-Abucay, ang TREE ang pumutol ng mga 140 puno. Mas marami pa rito ang pinutol, ayon sa mga Aeta.
Walang illegal logging sa loob ng Abucay forest. Maaaring may ilang pagputol ng puno sa IFMA area.	Ito'y ilegal na pagto-troso sa ilalim ng IFMA project. May ebidensya ng pamumutol.
Ang lugar sa parte ng Abucay ay wala nang tinatawag na "makapal at matatandang kakahuyan o likas na gubat".	Walang malinaw at nagkakaisang pahayag. Ayon sa iba, may ilan pang nalalabing old-growth. Ang iba'y sumasang-ayon na ito'y secondary forest.
Ayon sa PENRO, pawang may mga personal na interes ang mga namumuno sa oposisyon. Walang tunay na pagtutol.	Malinaw ang posisyon ng mga taga-Abucay sa pagtutol sa proyekto sa pangunguna ng opisyal ng mga barangay, ng Municipal Agriculture and Fisheries Council (MAFC) at samahang sibiko.
Hindi gaanong malinaw ang posisyon dito.	Walang pulong o ibang paraang ginanap upang ipaliwanag o konsultahin ang mga residente kung sila'y sang-ayon o hindi sa proyektong IFMA.
May ibinigay nang kontrata ang DENR-National bago pa ipinaalam sa lokal na ahensya. Sumasabay lang sa inisyatiba ng DENR-National.	Mahigpit ang pagpapahalaga sa proseso ng pagsasagawa ng konsultasyon at partisipasyon sa pagpapatupad ng IFMA sa lugar.

TREE

2.1 Katarungan: kapananagutan

Humingi ng paumanhin ang TREE para sa "anumang naidulot na abala at pagkabahala sa taong-bayan."

2.3 Tiwala: Mapagkakatiwalan pa ba?

2.3.1 Ang TREE

Handa itong sumunod sa batas at
dumaan sa tamang proseso kung ito'y
magpapatuloy pa.

2.3.2 Ang DENR

Sinisisi ang DENR sa ilang pagkukulang nito kaugnay ng proyekto.

2.3.3 Ang Oposisyon

May pagdududa sa ilang tumututol dahil sa may interes din sa lugar.

2.4 Pag-aaruga sa kalikasan: Sino ang may tunay na malasakit sa kalikasan?

Nais lamang ng TREE na tumulong sa pamahalaan para sa kaunlaran at pangangalaga ng kalikasan sa paraang alam nito.

2.5 Patrimonya: Sino ang dapat makina-
bang sa likas-yaman: ang komunidad
ba o ang mga tagalabas o ang lahat?

Ang partisipasyon ng mga negosyante ay upang maihanda ang pamayanan na pangalagaan ang kagubatan sa hinaharap.

Handa itong ibahagi sa komunidad ang benepisyo ng proyekto.

MGA NAGTUTUNGGALING INTERES

3.1 Pangunahing Interes ng Bawat Isa:

3.1.1 TREE

Magkamal ng malaking kita sa pamamagitan ng pagpapatupad ng IFMA project sa Bataan.

3.1.2 DENR at IFMA

Kabawasan ng mga lugar na pangangalagaan ng DENR.

DENR

Nagpataw ng temporary suspension sa operasyon ng TREE sa lugar ng Abucay.

Tinanggal/pinalitan ang ilang opisyal ng lokal na DENR na nasangkot sa kontrobersya.

Naapektuhan ang pagtitiwala pagkaraan ng makaisang panig na pagpapasya ng TREE na bitiwang ang proyekto sa Bataan.

Handang dumaan sa tamang proseso dahil sa pinagdaanan.

Malaki ang suspetsa sa mga kalahok at lider ng oposisyon.

Ang programang IFMA ay mas makatutulong upang pangalagaan ang kalikasan at himukin ang taong-bayan at pribadong sektor na magtanim ng puno.

Ito ang kanyang mandate.

Pangunahin ang komunidad sa lahat ng programa ng DENR.

Walang pinansyal at teknikal na kakayahan ang komunidad para sa ganitong tipo ng programa.

Ito'y pag-aari ng estado.

Magkaroon ng katuwang na may kakayahan sa pamamahala ng kagubatan.

Isakatuparan ang programang IFMA sa probinsya ng Bataan.

Komunidad

Humiling ng tuluyang pagkansela ng IFMA sa Abucay.

Humiling din ng pagpapatanggal at pagpapataw ng parusa sa mga opisyal ng DENR na may kinalaman sa anomalya sa IFMA.

Hirap ibigay ang buong tiwala sa layunin at intensyon ng kompanya sa lugar

Simula't sapul ay may pagduda sa kakayahan at pagkilos ng mga opisyal ng DENR.

Iba't-iba ang pananaw at pinanggagalingan ng mga kalahok sa pagtutol sa proyektong IFMA.

Sila ang pangunahing tagapangalaga ng kalikasan dahil sila rin ang unang makikinabang o apektado sa pag-aalaga o pagkasira nito.

Dapat lang na sila ang makinabang sa likas-yaman ng lugar dahil ito'y bahagi ng kanilang komunidad.

Ito'y pag-aari ng lahat ng tao.

Kumita nang walang pakialam sa karapatan ng ibang tao at ng kalikasan.

Oportunidad sa ilang tiwaling kawani.

TREE

- | | |
|---|---|
| 3.1.3 Gumagawa ng bangka | Epektibo ang IFMA sa pagpigil sa ganitong kagawaran. |
| 3.1.4 Mga nangangaso at nangunguha ng produktong gubat | Hindi nagbabawal basta may permiso nila. |
| 3.1.5 Mga umaangkin at naninirahan | Pinahihintulatang manatili kung legitimate occupants sa lugar. |
| 3.1.6 Mga tagaibaba (komunidad) | Hindi lubos na nauunawaan ang benepisyo ng proyekto. |
| 3.2 Empleyo/Trabaho: Ang IFMA ay magbibigay ng trabaho sa mga residente | Hatid ng proyekto ang hanapbuhay dahil kailangan nito ang mga taong magtatanim at mag-aalaga. |
| 3.3 Interes ng kalikasan: biodiversity | May pananaw na ang tanging importance ng kagubatan ay ang mga puno sapagkat ito lamang ang may pang-ekonomiyang halaga. |
| 3.4 Amor propio (pride) | Gustong ipakita na ang TREE ay handang maging isang mabuting corporate citizen. |
| 3.5 Pampulitikang interes: Paggamit ng isyu para sa pampulitikang interes | Ginagamit ng ilang lider sa oposisyon ang isyu para sa sariling pampulitikang ambisyon. Ang iba nama'y naglalayong makapaghiganti sa kalaban sa pulitika. |

DENR

Makatutulong ang TREE sa pagpapahinto ng pamumutol.

Pinapayagan ng DENR basta may monitoring.

Kinikilala ang kanilang karapatan sa lugar basta sila'y nakarehistro sa ahensya ng DENR.

Hindi lahat ng claimants ay lehitimo kundi landgrabbers.

Ang iba sa kanila ay may malinaw na interes sa lugar.

Ayon sa SP Resolution, 80 porsyento ng manggagawa ay dapat manggaling sa apektadong lugar.

Hindi malinaw ang programang IFMA sa pagtugon sa ganitong usapin.

Nais patunayan na ang programang IFMA ay magandang proyekto.

Ginagamit ng ilang lider sa oposisyon ang isyu para sa sariling pampulitikang ambisyon. Ang iba nama'y naglalayong makapaghiganti sa kalaban sa pulitika.

Komunidad

Isang pamamaraan ng pagpatay sa negosyo ng paggawa ng bangka.

Ito'y pagpigili sa kanilang likas na karapatan upang makinatang sa likas-yaman ng kagubatan.

Walang malinaw na sistema ang ahensya ng gobyerno para alamín at kilalanin ang lehitimong claimants sa lugar.

Nais pangalagaan at bantayan ang kalikasan ng lugar para maiwasan ang pagbaha at iba pang likas na sakuna.

Marami sa mga tauhang kinuha ng TREE sa unang bahagi ng operasyon nito'y galing sa labas.

Nangangamba ang mga taga-komunidad na masisira ang biodiversity ng kagubatan ng Bataan at mas lalala ang pagkasira ng kalikasan kung magpapatuloy ang proyektong IFMA.

Nais mapatunayan na sila'y may mabuting hangaring pangalagaan ang interes ng taong-bayan.

Ang nangunguna sa pagtutol ay yaong mga aktibo sa sibiko at samahang pangmamamayan at walang interes sa pulitika.

Malapit sa ilang pulitiko sa Bataan tulad nina Gov. Leonardo Roman, Fulgencio Factoran, atbp ang TREE.

5

Modyul sa Pagsasanay para sa Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan

Ang kursong ito sa pagsasanay para sa Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan (RTK) ay nakatuon sa pagpapaunlad sa kakayahan ng mga lider-pamayanan at ng kasapiang ng mga samahan sa mga komunidad upang sila'y magsilbing epektibong instrumento sa paglutas ng mga tunggalian sa kalikasan at upang mas mapaunlad ang kanilang pag-unawa sa tamang pamamahala at pangangalaga ng kapaligiran at kalikasan.

Dahil may partikularidad at panimula pa lang ang modyul, inaasahang ito'y mapauunlad pa habang ginagamit sa mga kasunod pang ganitong pagsasanay. Ang modyul ay bukas sa lahat ng nais gamitin ito, lalo na sa mga organisasyon at samahan ng mga mamamayan sa komunidad.

Ang modyul sa RTK ay para sa dalawang araw na pagsasanay. May tatlong bahagi ito: (1) Balangkas ng Tunggalian sa Kalikasan(TK); (2) Galaw (dynamics) ng Tunggalian sa Kalikasan; at (3) ang Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan (RTK). Nakapaloob sa tatlong bahaging ito ang ang iba't ibang pagsasanay at aktibidad tulad ng ehersisyong pampasigla, dramatisasyon, palihan (workshop) at pagsasanay sa komunikasyon. Mahalagang bahagi rin ng pagsasanay ahg pagsisimula sa pamamagitan ng pag-alam sa mga inaasahan sa kurso; at sa huling bahagi nama'y ang pagsasagawa ng pagtatasa o ebalwasyon. Ito ay upang matiyak na husto at lapat ang kurso sa pangangailangan ng mga kalahok at upang mas mapaunlad ang nilalaman nito.

Ang Kalahok sa Pagsasanay

Ang RTK Team ay nagtakda ng mga batayan at pamantayan sa pagpili ng mga aanyayahan sa pagsasanay.

Para sa aktwal na pagsasanay na isinagawa ng RTK Team, bukod sa simpleng pagtatala ng mga pangalan at samahan na maaaring anyayahang dumalo, naglunsad din ng pagsusuri sa mga pangangailangan ng pagsasanay (training needs analysis o TNA). Ito'y isang panimulang hakbang upang makilala ang mga



kalahok; gayundin, upang ang nilalaman ng pagsasanay ay mas matugunan ang mga pangangailangan ng mga dadalo sa punto ng kasanayan at kaalaman.

Ang TNA ay inilunsad sa pamamagitan ng pakikipag-pulong sa mga naitala bilang maaaring dumalo sa pagsasanay. Ang TNA ay nagsilbi ring daluyan upang panimulang maiharap ang resulta ng isinagawang

pananaliksik sa tunggalian sa kalikasan, partikular sa kaso ng IFMA sa Bataan. Sa madaling salita, ang mga pulong ay may layuning makonsulta ang mga indibidwal na naging bahagi ng proyekto kaugnay ng resulta ng isinagawang pananaliksik, at pangalawa, ay upang maibahagi o maibalik sa kanila ang mga aral na nakalap sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang pagsasanay.

Layunin ng Pagsasanay

1. Paunlarin ang kakayahan at kaalaman ng mga kalahok kaugnay ng pagsusuri sa tunggalian sa kalikasan (TK) at sa resolusyon ng tunggalian sa kalikasan (RTK); at,
2. Palalimin ang pagpapahalaga sa pangangalaga at pangmatagalang pagpapaunlad ng likas-yaman ng pamayanan.

Laman ng Kurso sa Pagsasanay sa RTK

Upang mas maisaayos ang daloy ng pagsasanay, ang mga tagapagpadaloy (facilitator) ay dapat isiping mabuti ang mga bagay na maaaring kailanganin sa pagsasanay. Halimbawa nito ang pagsasaayos ng mga teknikal na pangangailangan tulad ng lugar na pagdarausan, pagkain, lugar para sa palihan, pisara (o whiteboards at whiteboard markers o chalks), sound system, atbp. Kabilang din dito ang paghahanda ng materyales tulad ng kartolina, manila paper, pentel pen na iba't ibang kulay, krayola, gunting at masking tape.

Para sa mga dramatisasyon, mainam na gawing mas maaga ang pag-oorganisa ng mga kalahok para rito upang mas makapagtanda ang mga kalahok. Halimbawa, bago mag-tanghalian, bumuo na ng tatlong grupo (depende sa dami ng mga kalahok) para sa mga aktibidad kaugnay ng case studies. Isang paraan ang pabilangin sila, sunod-sunod, ng 1-2-3 (lahat ng magkakapareho ang bilang ay pagsama-samahin). Ibibigay sa bawat grupo ang kanya-kanyang case study na kanilang pag-aaralan at isasadula sa takdang oras.

1 Pakilanlanan at Pampasigla

Oras Layunin

Apatnapu't limang (45) minuto

- Makilala ng mga kalahok ang isa't isa; at
- Mahikayat ang pagiging bukas, at ang pagiging palagay ang loob sa isa't isa.

Aktibidad

Pampasigla (pumili ng isa ayon sa katangian ng mga kalahok):

- (a) *Humanay ayon sa...*
- (b) *Magsama-sama ang...*

Pamamaraan *Humanay ayon sa...*

- (1) Gagawa ng tatlong linya ang mga kalahok (pare-pareho ang dami ng tatlong linya).
- (2) Mag-uunahan sa paggawa ng linya ayon sa tamang pagkaka-sunod-sunod, depende sa kung ano ang itawag ng facilitator (hal., edad, taas, timbang, dami ng anak, tagal ng panahong may-asawa, tagal sa organisasyon, laki ng paa, atbp.).
- (3) Pagkabuong-pagkabuo ng linya ay agad uupo't sisigaw ng slogan. Titiyakin ng facilitator (hurado) kung tama ang linya ayon sa datos ng mga kalahok. May score ang pinakamabilis at tama ang paghahanay.

Magsama-sama ang...

Ang mga kalahok na pare-pareho ang edad, hanapbuhay, buwan ng kapanganakan, libangan, samahan, posisyon sa samahan, atbp. ay maggugrupo-grupo ayon sa itatawag ng facilitator.



2 Paglalahad ng mga Inaasahan sa Pagsasanay

Oras	Tatlumpung (30) minuto
Layunin	Magbukas ang kalahok at facilitators ng kanilang mga inaasahan sa pagsasanay.
Aktibidad	Puno ng Buhay: Pumili ng isa ayon sa katangian ng mga kalahok o haba ng oras

Pamamaraan *Puno ng Buhay*

- Gagawin ito bilang palihan. Bubuo ng tatlong grupo (depende na rin sa dami ng mga kalahok). Guguhit ng puno ang bawat grupo. Bawat bahagi ng puno ay susulatan ng mga inaasahan o tanong hinggil sa gagawing pagsasanay. Ipapaskil sa pader ang mga iginuhit na puno, kaya may malagubatan na background ang lugar ng pagsasanay. Pagkatapos ng palihan, iulat ng bawat grupo ang kanilang napag-usapan.
- Sa halip na palihan, bibigyan ng sapat na panahon (10-15 minuto) ang bawat kalahok para itala ang kanilang mga inaasahan sa pagsasanay. Ang susulatan ay hugis-bulaklak, dahon, atbp. na kanilang ipapaskil sa iba't ibang bahagi ng isang iginuhit na puno sa harap.

Materyales	(1) Pentel pen na iba't ibang kulay o mga krayola (2) Manila paper o kartolina (3) Masking tape at gunting (4) Sa kartolina, cut outs ng mga hugis-dahon, bulaklak, at iba pang bahagi ng puno (5) Sa manila paper, malaking drawing ng isang puno (para sa Pagsasanay 2)
-------------------	---

3 Paglalahad ng mga Layunin ng Pagsasanay

Oras	Labinlimang (15) minuto
Layunin	Maipaliwanag ang konteksto at layunin ng pagsasanay.

Pamamaraan *Paglalahad ng Training Team*

Ipaliwanag ng tagapagpadaloy ang konteksto at layunin ng pagsasanay. Dito rin ihaharap sa mga kalahok ang mungkahing daloy o proseso ng pagsasanay. Magkakaroon ng maikling talakayan hinggil sa ilang tanong o komentaryo ng mga kalahok.

4 Ugnayan ng Suliranin sa Kalikasan at mga Isyu sa Pamayanan

Oras	Isa't kalahating (1½) oras
Layunin	• Matukoy ang antas ng kamulatan at pangunawa ng mga kalahok tungkol sa isyu sa kalikasan; • Mapalitaw ang mga ugnayan ng iba't ibang suliranin sa kalikasan; • Mapalitaw ang mga pangunahing isyu o problemang kinakaharap ng komunidad
Aktibidad	• Workshop exercise at presentasyon ng bawat grupo • Input ng tagapagsalita/tagapagpadaloy sa sintesis
Pamamaraan	Maggrupo nang lima-lima (depende sa dami ng mga kalahok). Sa loob ng 30 minuto ay magbabahaginan sila ng kanilang isyu/ problema sa komunidad. Ihahayag sa plenaryo ang mga tinalakay sa pamamagitan ng malikhaing paraan (hal., tula, dula, awit o sayaw).
Input	Pagpapaliwanag ng Problema, Epekto at Ugat. (Basahin ang huling bahagi ng Part 1: <i>Ang Tunggalian sa Kalikasan: Isang Balangkas</i>)

5 Pampasigla

sa hapon ng unang araw ng pagsasanay

Oras	Labinlimang (15) minuto
Layunin	Sa pamamagitan ng pabilisan, mapraktis ang mga kalahok sa susunod na aktibidad.
Aktibidad	Paikot na mensahe
Pamamaraan	Pauupuin nang pabilog ang mga kalahok. Ang tagapagpadaloy ay magsisimula sa tanong na: "Sa pamamagitan ng isang salita, sabihin kung ano ang pumapasok sa isip ninyo kapag narinig ninyo ang salitang tunggalian?" Sasagutin ng isang kalahok ang

tanong, at sasabihin naman ng kasunod/katabi niya kung ano ang naisip nito sa sagot niya. Ang pagkaka-sunod-sunod ng mga salita ay dapat na may kaugnayan sa nauna. Halimbawa:

Tunggalian → Away →
Bugbugan → Masakit →
atbp.



6 Ang Balangkas ng Tunggalian sa Kalikasan (TK)

Oras	Isang (1) oras at labinlimang (15) minuto
Layunin	• Makita ang iba't ibang pananaw kung bakit umuusbong ang tunggalian sa kalikasan; at • Mapalalim ang kakayahang suriin ang tunggalian sa kalikasan batay sa saklaw, ugat at katangian nito.
Aktibidad	(a) Meta Cards: Tambalan (b) Dramatisasyon ng Kasalukuyang Sitwasyon
Pamamaraan	Pumili ng isang aktibidad na babagay sa layunin ng tagapagpadaloy.

Meta Cards: Tambalan

Sa kard, bawat kalahok ay susulat ng salitang agad niyang maiisip kaugnay ng mga salitang "tunggalian sa kalikasan."

Pagkaraa'y ipapaskil nila sa harap ang mga kard, Ang mga salita ay pagsasama-samahin/pagtatapat-tapatin ng tagapagpadaloy at dito magsisimula ang kanyang input.


Materyales para sa Meta Cards

- (1) Pentel pen na iba't ibang kulay o mga krayola
- (2) Kartolinang ginupit para sa cards
- (3) Masking tape

Dramatisasyon ng Kasalukuyang Sitwasyon

Ang lupon ng mga tagapagpadaloy ay magsasadula ng isang sitwasyong may kinalaman sa suliraning kinakaharap ng pamayanan. Tutukuyin din ng mga tagapagpadaloy ang mga indibidwal/grupong kasangkot sa tunggalian sa kalikasan.

Input Pagtalakay sa kahulugan, katangian, saklaw at pinag-ugatan ng tunggalian sa kalikasan, gayundin sa iba't ibang panig na kasangkot. Pagsasalarawan sa iba't ibang panig na umaangkin sa pagkontrol at paggamit sa likas-yaman. (Tignan ang Part 1: *Ang Tunggalian sa Kalikasan: Isang Balangkas*)



7 Ang Galaw ng Tunggalian sa Kalikasan

Oras	Dalawa't kalahating (2½) oras
Layunin	Maipaunawa sa mga kalahok ang mga paraan ng sistematikong pagsusuri sa tunggalian sa kalikasan sa pamamagitan ng: • Pagsusuri sa iba't ibang panig na kasangkot • Pagsusuri sa proseso • Pagsusuri sa problema o isyu
Aktibidad	• Dramatisasyon: "Ang Industrial Site ng GDC" (Basahin sa Part 6 ang kabuuan nito) • Input sa sintesis
Pamamaraan	Tatawagin ang unang grupo ng mga kalahok upang isadula ang kasong iniharap sa kanila. Hihikayatin ng tagapagdaloy ang masusing panonood ng iba. Itataia rin ng tagapagdaloy ang sariling obserbasyon para sa kanyang input.
Input	Tatalakayin ng tagapagpadaloy ang proseso ng pagsidhi ng tunggalian sa kalikasan; ang pagkakaiba-iba ng pananaw tungkol sa naganap, ng mga pinahahalagahan at interes; at ang paghahanap ng mapagkakasunduang pananaw/pagsisimulan batay sa napakitang dramatisasyon. Ipakikita rin dito ang transpormasyon ng tunggalian sa kalikasan at ang relasyon ng tatlong sektor ng lipunan. (Tignan ang Part 2: <i>Galaw ng Tunggalian sa Kalikasan</i>).

8 Kasanayan sa Komunikasyon

Oras	Isa't kalahating (1½) oras
Layunin	• Maipakita ang proseso at kahalagahan ng maayos na komunikasyon; • Maibahagi ang kasanayan sa komunikasyon na makatutulong sa pag-aayos ng tunggalian
Aktibidad	Pumili ng aktibidad na babagay sa mga kalahok • Ehersisyo sa pakikinig: Narinig mo ba ang balita? • Senyas-Guhit
Pamamaraan	<i>Narinig mo ba ang balita?</i> Ang tagapagpadaloy ay hahanap ng lima hanggang pitong volunteer para sa larong ito. Ang tagapagpadaloy ay susulat ng isang talata tungkol sa isyu. Ipapabasa niya sa unang kalahok ang talata; papapasukin ang ikalawang kalahok at ibabalita ng unang kalahok ang nabasa niya; ipapasa ang balita hanggang makarating sa huling kalahok. Ang dapat tutukan ng tagapagpadaloy ay ang paglala ng mga "kamalian" sa ipinapasang balita mula umpisa hanggang huli.

Senyas-Guhit

Bumuo ng dalawang grupong may limang miyembro. Una-una at nang nakapiring, ang mga kasapi ng bawat grupo ay guguhit ng isang parte ng isda. Ang layon ay maayos na makaguhit ng isda kahit pa nakapiring. Sa unang pagsubok, ang nakapiring ay maaaring bigyan ng verbal instruction ng mga kasama niya. Sa pangalawang pagguhit ay bawal na ang verbal instruction. Maaari lang gumamit ng mga senyas tulad ng padyak o palakpak.

Input

Tatalakayin ng lahat ang prosesong dinaraan ng komunikasyon, ang mga hadlang sa epektibong komunikasyon at pakikinig batay sa napamalas sa ehersisyo.

9 Ang Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan (RTK):***Iba't Ibang Panig at mga Aksyon*****Oras**

Isa't kalahating oras (1½)

Layunin

- Maunawaan ang proseso ng paghahanap ng resolusyon sa tunggalian sa kalikasan; at
- Makita ang iba't ibang pamamaraan sa pagharap sa tunggalian; at, maunawaan ang papel o kontribusyon ng bawat isa sa proseso ng paghahanap ng resolusyon

Aktibidad


Dramatisasyon: Ang Isyu ng Dumping Site
(Basahin sa Part 7 ang kabuuan nito.)

Pamamaraan

Tatawagin ang pangalawang grupo para magsadula. Hihikayatin ng tagapagpadaloy ang masusing panood. Itatala rin ng tagapagpadaloy ang sariling obserbasyon para sa kanyang input.

Input

Tatalakayin ang mga uri ng aksyong isinagawa at mga papel na ginampanan ng iba't ibang grupo o indibidwal (Tignan ang Part 3: *Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan*)



10 Ang RTK: Pagbabago sa Relasyon sa Kapangyarihan

Oras	Dalawang (2) oras
Layunin	Palitawin ang pangangailangan ng pagbabago sa relasyon sa kapangyarihan para sa pangmatagalang RTK
Aktibidad	Dramatisasyon: Ang Planta ng Koryente (Basahin ang kabuuan nito sa Part 7)
Pamamaraan	Tatawagin ang pangatlong grupo para magsadula. Hihikayatin ng tagapagpadalay ang masusing panonood. Itatala rin ng tagapagpadalay ang sariling obserbasyon para sa kanyang input.
Input	RTK bilang isang pagbabago sa distribusyon ng kapangyarihan at bilang relasyong konsenswal (Basahin ang "Ang Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan: Pagbabago ng Relasyon sa Kapangyarihan" sa Part 3')

11 Ebalwasyon ng Pagsasanay

Oras	Isang (1) oras
Layunin	Mapalitaw ang mga nadagdag na kaalaman, ang mga usaping malabo o di lubos na naunawaan, ang mga nakaantig sa kanilang damdamin, at ang mga mungkahi para sa susunod na pagsasanay.
Aktibidad	Pagbabalik sa Puno ng Buhay
Pamamaraan	Sa cut-outs (sa kartolina) ng mga bahagi ng puno tulad ng dahon, sanga, bulaklak at iba pa ay isusulat ng mga kalahok ang kanilang mga natutuhan, mga nakitang pagkukulang, at mga mungkahi sa pagsasanay. Ang cut-outs ay kanilang itatabi sa mga naitala nila sa simula pa lang ng pagsasanay. Dito pahap-yaw na makikita ang buong damdamin at pagtingin ng mga kalahok kaugnay ng katatapos na pagsasanay.
Materyales	(1) Pentel pen na iba't ibang kulay, o mga krayola (2) Manila paper o kartolina (3) Masking tape at gunting (4) Sa kartolina, cut outs ng mga bahagi ng puno (dahon, bulaklak, atbp.) Sa manila paper, isang malaking drawing ng puno.



Daloy ng Pagsasanay para sa Resolusyon ng Tunggaliang-Kalikasan (RTK)

Layunin ng Pagsasanay

- Paunlarin ang kakayahan at kaalaman ng mga kalahok kaugnay ng pagsusuri sa tunggalian sa kalikasan (TK) at sa resolusyon ng tunggalian sa kalikasan (RTK); at,
- Palalimin ang pagpapahalaga sa pangangalaga at pang-matagalang pagpapaunlad ng likas-yaman ng pamayanan.

ORAS/DALOY

UNANG ARAW

8:30 - 9:00 n.u.

- Rehistrasyon ng at mga kalahok

9:00 - 10:30 n.u.

- Pakilalanan at pambungad sa pagsasanay
- Pampasigla

- Paglalahad ng mga inaasahan sa pagsasanay
- Paglalahad ng mga layunin ng pagsasanay

10:30 -12:00 n.u.

- Ugnayan ng Suliranin sa Kalikasan at ng mga Isyu sa Pamayanan

12:00 - 1:00 n.h.

AKTIBIDAD

- Pagtatala ng pangalan at organisasyong kinabibilangan sa listahan

- **"Humanay ayon sa..."**
Pabilisan sa pagtugon sa mga ihahaing tanong ng tagapagpadaloy
- **"Magsama-sama ang..."**
Paligsahan ng mga kalahok na pare-pareho ang edad, hanapbuhay, samahan, gawain, atbp.

- **"Puno ng Buhay"**
Workshop o palihan
- Pagpapaliwanag ng Training Team

- *Workshop exercise*
- *Input ng facilitator o tagapagpadaloy*

TANGHALIAN

ORAS/DALOY

1:00 - 1:15 n.h.

- Pampasigla

1:15 - 2:30 n.h.

- Balangkas ng Tunggalian sa Kalikasan (TK)

2:30 - 5:00 n.h.

- Galaw ng Tunggalian sa Kalikasan (TK)

ORAS/DALOY

IKALAWANG ARAW

8:30 - 9:00 n.u.

Rehistrasyon ng mga kalahok

9:00 -10:30 n.u.

Pampasigla

10:30 -12:00 n.u.

RTK: Iba't ibang panig at mga aksyon

12:00 - 1:00 n.h.

1:00 - 3:00 n.h.

RTK: Pagbabago sa Relasyon sa kapangyarihan

3:00 - 4:00 n.h.

Ebalwasyon ng pagsasanay

4:00 - 5:00 n.h.

Pormal na pagsasara

AKTIBIDAD

• Paikot na Mensahe

Pagsasanay sa pag-unawa ng mga salita

• Meta Cards: "Tambalan"

Tambalan ng mga salita/kataga

• Dramatisasyon ng Kasalukuyang Sitwasyon

Ang lupon ng mga tagapagpadaloy ay maghaharap ng mga halimbawang sitwasyon para isadula ng mga kalahok

• Ang Industrial Site ng GDC

Unang dramatisasyon

• Input ng tagapagpadaloy at talakayan

PAMAMARAAN

- Pagtatala ng mga muling dumalo at ng mga bagong kalahok

• Kasanayan sa Komunikasyon

Ehersisyo sa pakining/Sanyas-Guhit

• Ang Isyu ng Dumping Site

Ikalawang dramatisasyon

• Input ng tagapagpadaloy at talakayan

TANGHALIAN

• Ang Planta ng Koryente

Ikatlong dramatisasyon

• Input ng tagapagpadaloy at talakayan

• Pagbabalik sa "Puno ng Buhay"

Isang aktibidad para tasahin ang pagsasanay)

- Pagbibigay ng sertipiko sa mga nagtapos sa pagsasanay



Talakayan sa Kasong Ginamit sa Pagsasanay Galaw ng Tunggalian sa Kalikasan

Sa dalawang training session na isinagawa ng Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan (RTK) noong Marso 1-2 at 8-9, 1997 sa Balanga, Bataan, ibinigay sa unang grupo ng mga kalahok sa bawat pagsasanay ang ganitong sitwasyon at hinayaan silang isadula ito.

Ang Industrial Site ng GDC

Nakabili ang Garcia Development Corporation (GDC) ng isang malaking lupain malapit sa ilog ng bayan ng San Dionisio. May balak ang kompanya na paunlarin ang nasabing lugar bilang industrial site. Lingid sa kaalaman ng taong-bayan ang naturang proyekto. Naaninag na lang nila ito nang magpadala ng grupo ng mga inhinyero na nagsimulang sukatin ang lugar.

May magkakasalungat na opinyon ang taong-bayan tungkol sa pagpasok ng kompanya sa San Dionisio. May tutol at mayroon ding sang-ayon. Ang mga tutol ay nababahala sa maaaring maging epekto ng pagtatayo ng pabrika sa tabi ng ilog. Makasisira rin sa katahimikan at kagandahan ng bayan ang malalaking makinang gagamitin. Bukod dito, may nagsasabi ring di maganda ang rekord ng naturang kompanya kaugnay ng kalikasan.

Sa kabilang banda, naniniwala ang ilan na makatutulong sa pag-unlad ng ekonomiya ang proyekto. Mabibigyan ng trabaho ang marami at madaragdagan pa ang kabang-yaman ng bayan sa pamamagitan ng buwis na makokolekta rito.

Di naglaon, nag-umpisa nang magpatayo ng gusali ang kompanya at binakuran nila ang ilang bahagi sa tabi ng ilog at ang paligid na lupain kaya hindi na makadaan ang ilang naninirahan o may bukid sa gawing iyon.

Instruksyon: Ipakita sa pamamagitan ng dramatisasyon kung ano ang maaaring mangyari kung: ang GDC ay tumangging makipagkasundo; ang pamahalaan ay kampi sa GDC; ang ilang mamamayan ay sang-ayon sa pagpapatuloy ng GDC, at ang iba nama'y talagang tutol.

DRAMATISASYON

Mga Tauhan

Pagsasanay 1

- SDHA : Kinatawan ng San Dionisio Homeowners Association
 GDC : Presidente ng Garcia Development Corporation
 SDFA : Kinatawan ng San Dionisio Fishermen's Association
 FASD : Kinatawan ng Farmers' Association of San Dionisio
 Meyor : Kinatawan ng Meyor ng San Dionisio
 Miss S : Kinatawan ng mga taga-San Dionisio na sang-ayon sa proyekto

Pagsasanay 2

- Cong : Congressman
 ONCC : Kinatawan ng Office of Northern Cultural Communities
 MS : Kinatawan ng mga Sang-ayon na Mamamayan
 Bgy. Capt : Barangay Captain
 Atbp. : Kinatawan ng kompanya at mga tauhan nito; Kinatawan ng ahensya ng pamahalaan at lokal na pamahalaan; Kinatawan ng mga taong nabakuran ang daan tungo sa kanilang bahay o bukid; Mga sang-ayon at mga tutol sa panig ng pamayanan at ng pamahalaan.

Eksena 1 : Sa isang Talakayang-bayan na isinagawa sa programang *Magandang Gabi Bayan* ni G. NOLI DE CASTRO, nagharap ang mga tagapagsalita/kinatawan ng magkabilang panig na sangkot sa tunggalian. Nagsimula ang talakayan sa pamamagitan ng isang binasang backgrounder ng kaso, sumunod ang pagpapakilala sa mga panauhin.

Eksena 2 : Paghahayag ng mga saloobin.

- GDC : Layunin naming magbigay ng empleyo sa mga naninirahan sa lugar para umangat ang kanilang kabuhayan.
 Meyor : Dagdag na kita para sa bayan kaya dapat lang ituloy.
 FASD : Sana'y magkaroon ng konsultasyon sa mga mamamayan. Kinonsulta ba ang pamayanan?
 Meyor : Pinasabihan ko ang kapitan ng inyong barangay. Hindi ba kayo pinasabihan? Sinabihan kong ipaliwanag ang layunin ng proyekto.
 FASD : Malinaw po sa amin na hindi lang barangay captain ang may karapatang magpaliwanag. Maganda rin po sanang tumawag ng public hearing upang makonsulta ang mga mamamayan.
 Meyor : Tama 'yang sinasabi mo. Sang-ayon ako. Hayaan mo't magpapatwag ako ng barangay meeting sa inyong lugar para maipaliwanag ni Mr. President ang kanilang proyekto.
 FASD : Ang susunod na katanungan ko ay para sa kagalang-galang na Presidente ng GDC. Sa binanggit ninyo kanina na magiging dagdag na empleyo sa aming barangay, ano po ang kasiguruhan ng aming mga mamamayan? Alam po naman ninyo na ang antas ng pinag-aralan ng aming kabarangay ay sa pinakamababang lebel. 'Yun po

bang umabot lang sa grade 1, 2, 3, 4 at 5 ay may sapat nang kakayahan upang maempleyo sa inyong kompanya?

GDC : Para sa inyong kaalaman, ito pong aming kompanya ay napakalaki. Kahit po sanlibong empleyado ay kayang tumanggap. Hindi po kami mamimili. Sa katunayan ay kayo po ang kauna-unahang kukunin namin.

Miss S : Kung ganoon naman pala ang layunin ng GDC ay sang-ayon po ako sa presidente ng GDC. Lalo na po ako na grade 6 lang ang naabot. Wala po akong trabaho sa amin. Gustong-gusto ko po ang itatayong industrial site ng GDC.

SDFA : Bilang presidente ng aming asosasyon, gusto ko pong malaman kung paano naman ang magiging kalagayan ng mga mangingisda kung matatayo ang proyekto? Dahil ang proyekto ay katabi ng ilog, ito'y makakaapekto sa ilog at karagatang pinagmumulan ng aming ikinabubuhay.

GDC : Batay sa aming isinagawang plano, mayroon po kaming ikakabit na anti-pollution device. Titiyakin po iyan ng aming engineer. Sigurado pong walang maaapektuhan sa mga taga-tabling dagat.

SDHA : Ang tanong po ng marami sa San Dionisio ay bakit daw po ang mismong daan sa amin ang isinama ninyo sa pagbabakod ng inyong kompanya?

GDC : Hayaan po ninyo at ipapa-check natin sa aming engineer. Pagsasabihan ko po siya para mabigyan kayo ng daan.

Eksena 3 : Pagsasaayos sa problema at pagkakasundo ng magkakasalungat na panig.

Host : Upang malutas ang ganitong problema, kailangang mag-ayos tayo ng kondisyones. Isang compromise agreement para sa magkabilang panig.

GDC : Sang-ayon po kami.

SDFA : Sana'y masiguro ang kalagayan ng mga mangingisda lalo na sa isyu ng pagtatapon ng dumi sa ilog.

SDHA : Habang pansamantalang nasa proseso ang kaso, sana po ay pahintulutan kaming dumaan sa lugar.

Meyor : Hayaan ninyo't gagawan natin ng paraan (aktong makikipagbulungan sa presidente ng GDC).

Miss S : Sang-ayon ako sa GDC project kung may Environmental Compliance Certificate.

Host : Bilang pagkakasundo, sang-ayon ang GDC na pansamantalang ipatigil ang proyekto habang inaayos ang mga papeles tulad ng ECC. Hahayaan ding dumaan ang mga mamamayan sa kanilang daanan.

[WAKAS]

Pagsasanay 2

Eksena 1: Ang kinatawan ng magkabilang panig ay nagharap sa isang public hearing na isinagawa sa epektadong lugar. May binasa muna tungkol sa kaso.

Eksena 2: Sa public hearing

- GDC : Alam po ninyo, mga mamamayan ng San Dionisio, tutulungan ko po kayong magpatayo ng paaralan basta pahintulutan ninyo ang aking planta. Makakaasa kayo sa aking pangako. Naririto rin po si Congressman. Siya ay lubos na nakikiisa sa aming proyekto.
- Cong. : Nang aking mapag-aralan ang panukalang planta, agad akong naniwalang malaki ang maitutulong nito sa ating pamayanan. Kung maaari ay ating pagkaisahang payagan ito.
- ONCC : Bilang kinatawan ng ONCC ay hindi po ako makakapayag, Ginoong Congressman. Unang-una ay masisira ang ating ilog. Kung hindi po ninyo naitatanong, pangunahing pinanggagalingan ng pagkain at isda ng mga katutubo ang ilog na iyan. Paano po naman ang magiging kalagayan namin?
- GDC : Walang problema sa ilog na iyan dahil kami ay gagamit ng mahuhusay na safety devices. Ayaw ba ninyo 'yan? Mayroon na kayong pinagkukunan ng ikabubuhay. may ilog pang pagkukunan ng isda?
- MS : Tama ho, mga kababayan. Sapagkat alam po natin na marami ngayon ang kapos sa trabaho. At ang planta pong iyan ay mangangailangan ng sampung libong manggagawa. Kaya sa hirap ng buhay, kailangan po natin ng trabaho sa mga panahong ito.
- Bgy. Capt. : Ano pong planta ang itatayo ninyo dito?
- GDC : Ito po ay plantang hindi naman makakaapekto sa kalusugan ng mga mamamayan. Bukod po dito ay gagamit kami ng safety devices para mapangalagaan ang inyong kalusugan. Ano pa ang gugustuhin ninyo?
- Bgy. Capt. : Saan po naman ninyo itatapon ang basura ng inyong kompanya?
- GDC : Kaya nga ang sinasabi ko ay gagamit kami ng safety devices. Walang basurang lalabas diyan. Lahat yan ay areglado. Pinag-aralan na iyan ng DENR at ng iba't ibang ahensya ng pamahaiaan. Walang problema diyan.
(Mga taga-San Dionisio [pasigaw]: Ayaw namin iyan! Ayaw namin iyan!)
- Taga-San
Dionisio : Kapitan, kami po ay tumututol sa pagpapatayo ng planta sa ating lugar.
- GDC : [galit] Mga pataygutom na ito! Magkita-kita na lang tayo sa husgado. Bahala na sa inyo si Atty. Agaton!

[WAKAS]


Komentaryo sa Isinagawang Dramatisasyon at Sintesis

Batay sa dalawang presentasyong iniharap, malinaw na may pagkakaiba sa naging tunguhin ng kaso. Sa una, sa halip na tumindi ay naayos ang awayan/tunggalian; naging diplomatiko ang mga tauhan. Sa ikalawang presentasyon, kabaligtaran naman ang naging resulta. Nauwi ang paghaharap ng magkabilang panig sa hindi pagkakasundo; lalo lang sumidhi ang tunggalian.

Isang maaaring malinaw na dahilan ng pagkakaiba ng dramatisasyon ay sa mismong kaso na ibinigay sa mga kalahok. Hindi maiging naipaliwanag sa unang grupong kalahok ang katangian at layunin ng kaso — na ito'y dapat tumukoy sa pagsidhi ng isang tunggalian. Kung kayat, sa pangalawang training (Marso 8 at 9) sinikap ng RTK Team na magsagawa ng ilang pagsasaayos sa paglalalatag ng kaso.

Sa pangkalahatan, parehong malinaw na naipakita sa kaso ang katangian ng tunggalian. Kung papaano ang bawat elemento nito tumatakbo at nagbibigay buhay sa mismong pinagtutunggalian. Makikita rito halimbawa na ang bawat indibidwal na bahagi sa isang pinagtutunggalian ay may malaking papel sa pagpapagalaw (maging pagpapatindi o pagpapahupa) sa isang di-pagkakaunawan. Gayon din ang proseso at ang mismong isyung siyang pinagmumulan ng isang tunggalian. Makikita natin mas lumulubha o tumitindi ang isang pag-aawayan kung ang prosesong pinagdaanan at ang mismong isyu ay hindi malinaw sa mga kalahok.

Dagdag pa rito, lumitaw rin sa pinamalas na dramatisasyon ang ilang mahahalagang punto na nakatulong upang mas maunawaan at masuri ang katangian ng tunggalian. Nariryan ang paglalalatag ng ilang batayang datos hinggil sa kaso (halimbawa: pagpapatayo ng isang gusali/planta sa tabi ng ilog at pagsasara ng daanan), ang mga pinahalagahang prinsipyo ng magkatunggaling panig (halimbawa: empleyo, dagdag na kita, kalusugan, kalikasan, atbp.) at ang batayang interes na nagpapagalaw sa kanila (halimbawa: malaking kita ng kompanya, pampulitikang interes, pangkomunidad na interes, atbp.).



Talakayan sa Kasong Ginamit sa Pagsasanay Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan

Ang Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan: Mga Sangkap

Makikita sa ginawang dramatisasyon sa training kung ano-ano ang mga uri ng interbensyon, gayundin ang iba't ibang panig at indibidwal na bahagi ng proseso ng resolusyon ng tunggalian sa kalikasan. Ang mga ito'y tinukoy mismo ng mga kalahok sa pagsasanay.

Ang Problema sa Dumping Site

Ibinigay sa isang grupo ang sitwasyong ito at hinayaan silang isadula ito:

Dati-rati, ang tambakan ng basura o dumping site ng bayan ng Sta. Clara ay sa Barangay Itlog. Dahil sa baho at langaw, hiniling ng Barangay Itlog sa meyor na ilipat na ang tambakan. Pinagbigyan ng meyor ang kahilingan at humanap ng bagong tambakan.

Ang napili ay isang lupang publiko na malapit sa isang sapang patay kung tag-init pero umaapaw kung tag-ulan. Ang sapa ay nasa Bgy. Manok, isang barangay na alam ng lahat na hindi bumoto sa meyor.

Ang lahat ay nababahala na pagdating ng tag-ulan, isang epidemik ang dadapo sa pamayanan. Gayunman, ayaw aksyonan ng meyor ang suliranin at hindi nakikita ng Bgy. Itlog na suliranin niya ito.

Instruksyon: Ipakita kung ano ang maaaring gawin ng iba't ibang panig [sa Bgy. Manok] upang sa loob ng dalawang buwan bago magtag-ulan ay malutas ang kanilang problema.

Dramatisasyon: Pagsasanay 1

Mga Tauhan: Mga residente't opisyal ng Bgy. Itlog at Bgy. Manok; Kinatawan ng simbahan, NGOs, at iba pang grupo sa pamayanan; Meyor at mga konsehal.

Eksena 1 : Inireklamo ng ilang taga-Bgy. Manok sa kapitan (barangay chairman) ang pagtatapon ng basura sa sapa dahil sa masamang epekto nito sa kalusugan ng lahat, lalo na ng mga bata. Sinabi nila ang kanilang pangambang magkaroon ng epidemik sa tag-ulan. Sa pulong ay may kinatawan ang simbahan at ang NGO.

Eksena 2 : Sa opisina ng meyor, inilabas ng mga taga-Bgy. Manok sa pangunguna ng kanilang kapitan, ang kanilang hinaing. Sinabi ng meyor na bago siya nagpatapon ng basura sa naturang sapa, hiningi niya muna ang rekomendasyon ng kanyang tagapayo. Ipinatawag ng meyor ang tauhan niya sa Health Center. Nagbulungan ang dalawa, ipinaalala ng tauhan na ang paggamit sa sapa ay desisyon ng meyor, dahil na rin sa ilang konsiderasyon pulitikal. Ngunit naisip ng meyor na malakas ang pagtutol kaya humarap siyang muli sa mga taga-Bgy. Manok at sa estilo ng isang pulitikong nangangampanya ay sinabing "Umasa kayo, mga kabababayan ko, na gagawin ko ang lahat ng magagawa ko. "

[Wakas]

Pagsasanay 2

Eksena 1: Sa dami ng langaw, nagkaisa ang mga taga-Bgy. Itlog na puntahan ang kapitan upang ireklamo ang basura.

Eksena 2: Nakipagpulong ang mga taga-Bgy. Itlog sa kanilang kapitan at inireklamo nilang nagkakasakit ang mga bata dahil sa basura. Nagkasundo silang pupuntahan agad ang meyor. Tiniyak na may pera ang barangay para pamasaha ng mga pupunta sa meyor.

Eksena 3: Sa opisina ng meyor, sinabi ng kapitan ang kanilang problema. Madaling nakumbinse ang meyor na ilipat ang tambakan ng basura sa ibang barangay.

Eksena 4: Pinagmamasdan ng mga taga Bgy. Manok ang sapang ginawang tambakan. Nagkaisa silang puntahan ang barangay chairman. Sumang-ayon ang kapitan sa mga reklamo. Anya, "Palibhasa, hindi natin siya (ang mayor) manok sa halalan."

Eksena 5: Pinuntahan ng kapitan at ng ilang taga-Bgy. Manok ang pari upang pag-usapan ang suliranin. Iminungkahi ng pari na magpatawag ang kapitan ng malaking pulong. Para sa kapitan, mas mabuting kausapin muna ang meyor. Sumang-ayon ang pari at nagbiling balitaan siya ng kahihinatnan ng pakikipag-usap sa meyor.

Eksena 6: Pakikipagpulong ng mga taga-Bgy. Manok sa meyor sa opisina nito. Ipinaliwanag ng meyor kung bakit sa Bgy. Manok niya inilipat ang tambakan — maganda ang lugar, malayo at malalim. Aniya'y wala ring badyet ang munisipalidad para sa ibang alternatibong lugar. Nagkainitan sa usapan. Inakusahan ang meyor

ng “palakasan.” “Hindi man lang nagpakape!,” reklamo ng kapitan nang mag-walk out sila. Nagkaisa ang mga taga-Bgy. Manok na hihingan ng tulong ang mga NGO sa paglaban sa meyor sa isyung ito.

Eksena 7: Kausap ng kapitan ng Bgy. Itlog ang meyor, binubulungan ito na huwag pagbigyan ang kahilingan ng Bgy. Manok.

Eksena 8: Pulong ng mga taga-Bgy. Manok kasama ang pari at mga NGO upang pag-usapan ang nangyari at kung ano ang gagawin. May nagrekomendang kalapin ang mga ebidensya para may mga basehang mailalagay sa petisyon. Inirekomenda ng pari na bumuo ng mga grupo para kausapin ang meyor at ang ibang barangay, at para rin gumawa ng pansamantalang solusyon para sa darating na tag-ulan. May nagsabi ring kailangang i-blackmail ang meyor. Nagkaisa ang lahat na maraming kailangang gawin.

[Wakas]

Talakayan

Sa talakayan sa Pagsasanay 2 matapos isadula ang kaso, tinukoy ang iba’t ibang paraan o interbensyon o pagkilos upang maihanap ng resolusyon ang tunggalian.

- Organisahin ang Bgy. Manok, magpulong ang pamayanan, mga NGO at simbahan upang magplano. Dahil kagyat ang hinahanap na solusyon, maaaring bumuo ng mga grupong gagawa ng iba’t ibang tungkulin: makipag-usap sa meyor; hikayatin ang iba pang barangay na makiisa sa isyu, at; magplano kung ano ang gagawin sa basura at sapa sa lalong madaling panahon.
- Pansamantalang interbensyon: dahil malapit nang magtag-ulan, nakitang mahalagang gawin ang sumusunod:
 - (a) Pagkuha ng Bgy. Manok ng court injunction upang pansamantalang matigil ang pagtatapon ng basura sa sapa.
 - (b) Ang mga taga Bgy. Manok ang kusang maglagay ng bakod o harang para wala nang makapagtapon sa sapa. Dahil pakikilusin ang boluntaryong tulong ng pamayanan, “bayanihan” ang tawag sa ganitong uri ng interbensyon.
- Hikayatin ang kapitan ng Bgy. Itlog na suportahan ang Bgy. Manok: nagkaroon ng iglap na demonstrasyon ang mga gumanap para ipakita na puwedeng makumbinse ang kapitan ng Bgy. Itlog. Nag-umpisa ang dialogo sa pag-iimbata ng kapitan ng Bgy. Manok sa kapitan ng Bgy. Itlog na mag-usap sa isang “malamig na lugar.”

[Sa bahay ng kapitan ng Bgy. Itlog]

- Kap. ng Bgy. Manok : Magandang umaga ho, Kapitan. Napasyal ho ako sa inyo.
- Kap. ng Bgy. Itlog : Tuloy muna kayo.
- Kap. ng Bgy. Manok : Alam ninyo, Kapitan, kaya ako napunta rito, gusto ko sanang ibo-blow out ko kayo. Susunduin ko na lang kayo mamayang gabi dito.
- Kap. ng Bgy. Itlog : Saan ba tayo?
- Kap. ng Bgy. Manok : Diyan lang naman sa malamig na lugar.
- Kap. ng Bgy. Itlog : Malamig na lugar? ...May problema ba kayo?
- Kap. ng Bgy. Manok : Wala naman. Ang problema ko lang naman e 'yong mga tao sa barangay ko, nagreklamo sa basura. Kailangan lang na pag-usapan ho nating dalawa.
- Kap. ng Bgy. Itlog : Sabihin mo kay Meyor!
- Kap. ng Bgy. Manok : Samahan ninyo ako dahil alam kong malakas kayo kay Meyor. Mamayang gabi na lang, Kapitan!

Makikita sa dialogo ang pahiwatig na kahilingan ng kapitan ng Bgy. Manok sa kapwa kapitan.

[Sa "malamig na lugar"]

- Kap. ng Bgy. Manok : Sige, kapitan, uminom kayo hanggang kaya ninyo. Ako'ng bahala sa inyo.
- Kap. ng Bgy. Itlog : Sige, kayo ang bahala diyan.
- Kap. ng Bgy. Manok : Kapitan, kung maaari, tulungan ninyo kami sa problema namin sa basura.
- Kap. ng Bgy. Itlog : Malalim naman ang sapa, saka patay na. Malayo rin naman sa lugar ninyo. Hindi kayo maaapektuhan noon.
- Kap. ng Bgy. Manok : Pag umulan, ang takbo ng basura e papunta sa lugar namin. Kaya kung maaari, kumbinsihin ninyo si Meyor na medyo humanap ng ibang dumping site.
- Kap. ng Bgy. Itlog : Ano naman ang epekto ng basura, malayo naman sa lugar ninyo?
- Kap. ng Bgy. Manok : Maraming bata ang nagkakasakit. Karamihan ng sakit, malarya, dahil namahay nga ang lamok. Apat na nga

ang namatay. Pumunta kaya kayo sa barangay namin, kapitan?

Kap. ng Bgy. Itlog : Sige.

Kap. ng Bgy. Manok : Unang-una talaga, Kapitan, 'yong mga bata. Alam ninyo Kapitan, 'yong kulambo ko, dalawang sapin na, pinapasok pa ng lamok.

Kap. ng Bgy. Itlog : Sige, sige, naiintindihan ko na.

Ano ang mga ginawa upang makumbinse ang kapitan ng Bgy. Itlog? Sa pagsusuri, tinukoy ng mga kalahok ang sumusunod:

- (a) Nagpakumbaba ang kapitan ng Bgy. Manok dahil mas iniisip ang interes ng kanilang barangay.
- (b) Nagharap ng datos at rason ang kapitan ng Bgy. Manok upang mabigyang-diin ang pangangailangan sa isang alternatibong lugar.
- (c) Gumamit din ng suhol — alak. Nakita ito bilang bahagi ng takbo ng pulitika, tanggap man o hindi.
- (d) Nakatulong din ang "malamig na lugar". Kung бага, "sa malamig idinaan." Kung malamig ang lugar, lalamig din ang ulo (lalo pa nga ba kung malamig ang iniinom), at makakapag-usap nang maayos.

Tinukoy rin at ginamit ang kahinaan ng kabilang partido. Sa dramatasyon, lumitaw na alak ang kahinaan ng kapitan ng Bgy. Itlog kaya naging isang paraan ang pag-imbata sa kanya sa inuman upang sumang-ayon sa kahilingan.

Pagkumbinse sa meyor na positibong aksyonan ang hiling ng Bgy. Manok na ilipat ang tambakan. Dahil kailangan ang opisyal na aksyon ng meyor sa suliranin, ang kalakhan ng aksyon ay mga paraan upang makita ng meyor na kailangan niyang ilipat ang tambakan sa laing madaling panahon.

Iminungkahi ang diplomasya, pamumulitika at/o pag-blackmail sa meyor. Nakitang ang pamumulitika ay ang paggamit ng mismong paraang ginagamit din ng meyor sa kanila. Maaari, halimbawa, na sabihing iboboto o hindi siya iboboto sa susunod na eleksyon depende sa sagot niya.

Samantala, nakitang mas magiging epektibo ang pakikiusap sa meyor kung kasama ang kapitan ng Bgy. Itlog dahil magkaibigan ang dalawa.

Iba pang aksyon para makumbinse ang meyor na dapat ilipat ang tambakan:

- (a) Martsa, petisyon, pahayag, people's power
- (b) Pagkuha ng atensyon r.g media
- (c) Pagkausap sa iba pang ahensya ng pamahalaan tulad ng Department of Health (DOH) at DENR upang maihayag ang kanilang opinyon sa usapin sa kalusugan at kapaligiran.

Mga Puntong Kontrobersyal

Nagkaroon ng interesanteng diskusyon sa dalawang isyung kontrobersyal. Una, dapat bang lapitan ang gobernador kaugnay ng suliranin at tunggalian? Pangalawa, dapat bang gumamit ng dahas lalo na kung hindi maging paborable ang aksyon ng meyor?

- (1) Dapat bang iakyat sa gobernador ang isyu? Nang imungkahi ito, may sumagot na dahil antas-barangay lang ang problema, hindi dapat palawakin pa ang suliranin. Mapapahiya lang daw ang meyor. Nasa awtoridad naman daw ng meyor-pulitiko ito, pagbibigyan na niya ang Barangay Manok dahil simpleng problema lang ang basura.

Sa niga may ganitong pagtingin, malaking pagpapahalaga ang ibinibigay nila sa kahihiyan ng tao.

Sa opinyon naman ng iba, hindi papayag ang meyor dahil kaaway niya sa pulitika ang kapitan ng Bgy. Manok.

Sa bandang huli, tinukoy ang mga pormal na institusyon ng pamahalaan na maaaring daanan ng hakbang-hakbang na interbensyon.

Sangguniang Barangay + Kapitan ng Barangay

Sangguniang Bayan + Meyor

Sangguniang Panlalawigan + Gobernador

At kung hindi pa ito sapat, maaaring umabot sa Malacañang ang isyu, bagamat sa bawat antas ay susubukang makahanap ng positibong resulta bago iangat nang iangat ang isyu. Ganito sinuma ng tagapagpadaloy ang puntong ito:

Isang nakita nating kontrobersyal na isyu ay kung dapat bang kausapin ang gobernador. Sa tingin ng iba, mahalagang huwag nang palakihin ang isyu. Malaking bagay sa kanila ang kahihiyan ng tao. Mahalagang ang karangalan ng tao ay hindi masyadong matapakan o mayurakan dahil hindi makabubuti sa paghanap ng solusyon. Sa kulturang Pilipino, kultura man ng mga tagapatag at ng mga katutubo tulad ng mga Aeta, mahalaga ang kahihiyan dahil nakaugat ito sa respeto sa pagkatao ng bawat tao, kaaway man o hindi.

Pero sa kasalukuyan, mas realistikong pagtingin naman na talagang maraming suliranin, bulok ang sistema, maraming pulitikahan.

Nabalanse natin ang dalawang pagtingin sa ating pinagkayarian. Nagkaisa tayo sa mungkahing huwag muna nating idiretso sa gobernador at idaan muna natin sa hakbang-hakbang.

- (2) Dapat bang gumamit ng marahas na paraan? Paano kung tanggihan ng meyor ang kahilingan? "Kung marami ang mapeperwisyo, tanggalin na ang isa," banta ng isang nakatatandang kalahok. Ginamit niya ang metapor ng "pagpapalabo sa balon." Upang mapalinaw ang tubig sa

balon, aniya, kung minsan ay kailangang palabuin ito. Ibinigay niyang halimbawa ang people's power sa EDSA:

Marami naman tayong pruwembang magulong pangyayari pero naaayos din. Tulad noong nag-people's power. Di ba magulo noon, pagkatapos, di ba luminaw rin?

Para naman sa isang kalahok, gamitin muna ang legal na proseso:

May paraan pa naman, 'yong tinatawag nilang snap election, 'yong recall. Bago gumamit ng dahas, puwede tayong magpetisyon. Kung hindi natin makuha sa petisyon, e di ipa-recall natin.

Ayon naman sa isa pang kalahok, ang "pagpapalabo sa balon" ay puwede lang sa tubig at hindi sa tao. Kapag sa tao raw nangyari, dugtong-dugtong na. Halimbawa, kung may karahasang nangyari sa meyor, alalahaning mayroon siyang anak na maaaring maghiganti, at muli lang "lalabo ang balon."

Walang tigil na usapin ang mangyayari hanggang sa abutan pa iyan ng ating kaapu-apuhan.

Dagdag pa ng isa:

Ang buhay natin ay iisa lang. Kung dadaanin natin sa karahasan, mauubos tayo.

Sa iba, mahalaga ang lumapit sa Panginoon at sumampalataya upang malutas ang mga tunggalian.

Ang mainit at sensitibong usapin ay natigil nang magbiro ang isang kalahok na "Lumalalim ang balon, hindi ba ninyo naririnig ang mga sikmura ninyo? Kumain muna tayo!"

Sinagot ito ng tagapagpadaloy na minsan, ang mga masalimuot na usapin ay isinasantabi muna, hindi sa lahat ng pagkakataon ay kinakalkal ang mga ito.

Pagsusuma

Makikita sa sumusunod ang iba't ibang anyo ng interbensyon kaugnay ng halimbawang kasong isinadula:

Mga Aksyon/Interbensyon		
Uri ng Interbensyon	Aksyon	Kalahok
People's Power	Pag-oorganisa Kilos masa Pagpapalawak ng suporta Bayanihan	Pamayanan; organisadong grupo (NGOs); kaalyadong institusyon (hal., simbahan, media)
Pormal/Institusyonal	Diplomasya Negosasyon Pagpapatibay ng resolusyon Pagsasampa ng petisyon Recall initiative Konsultasyon Koordinasyon sa mga barangay/ ahensya upang mapalakas ang puwersa	Pamahalaang lokal (antas barangay, bayan, probinsya, nasyunal) Burukrasya (hal, DOH, DENR) Hudikatura/ Korte (hal., injunction) Lehislatura
Lantad o pailalim na paraan	Suhol Pamumulitika Karahasan (pisikal/ pandaraya)	Ginagawa/maaaaring gawin ninyo
Iba pa	Pagkumbinse sa pamamagitan ng rason Pagpakumbaba Paghahanap ng tamang lugar Pananampalataya sa Diyos	Lahat

Mga Indibidwal na May Partikular na Tungkulin

Ang paksang ito'y mas napag-usapan sa Pagsasanay 1 at ang insights ay nakalap mula sa dramatisasyon ng Kaso 2.

Sa talakayan, natukoy ang mga sumusunod na gumanap ng papel habang naghahanap ng solusyon sa isyung tambakan ng basura:

Papel	Ginampanang Tungkulin
Concerned Citizen	Nakialam, may pagmamalasakit Nag-organisa Kumilos
Tagapag-ugnay	Tagapag-ugnay ng mga pagkilos—ginampanan ng NGOs.
Tagapamayapa	Ginampanan ng kapitan (opisyal ng pamahalan) at ng pari (opisyal ng simbahan). Sa ibang kaso, maaaring gampanan ng mga ordinaryong tao.
Emisaryo	Namagitan upang mapadulas ang pag-uusap ng meyor at ng taga-Bgy. Itlog. Sa kasong ito, ginawang emisaryo sa meyor ang mga lider pulitikal.

Tinalakay ang mga katangian ng mga taong maaaring maging emisaryo ng pamayanan:

- iginagalang kaya pinakikinggan;
- may impluwensya kaya makatutulong sa kaso;
- kilalang lider dahil malaki ang angkan;
- kinatatakutan dahil matapang.

Binigyang-diin na ang mga katangiang ito'y hindi makikita sa isang tao lang.

Bakit kailangan ng emisaryo? Bilang pantapat sa meyor dahil nga “mahina” sa meyor ang pamayanan.

Resolusyon ng Tunggalian sa Kalikasan: Tungo sa Relasyong Konsenswal

Ang Planta ng Koryente

Ibinigay sa isang grupo ang sumusunod na sitwasyon at hinayaan silang isadula ito:

Isang malaking kompanyang multinasyonal ang nagbabalak magtayo ng planta ng koryente na pinatatakbo ng uling (coal) sa tabing-dagat ng Bataan. Nangangako ang kompanya na titiyakin nila ang international standards sa pagpapaandar ng planta para hindi ito magdulot ng polusyon. Bukod dito, nangangako silang palalahukin ang mga residente mula pagpapalano hanggang sa implementasyon.

Naniniwala naman ang ibang residente sa paligid ng itatayong planta na walang benepisyong maidudulot sa kanila ang planta at sila ang unang-unang maaapektuhan ng mga sakit sa mga mata't baga dulot ng abong ibubuga ng planta. Kaugnay nito, ang Parish Pastoral Council ay nagpetisyon upang itigil ang pagtatayo. Tumututol din ang ibang magsasakang dapat sana'y beneficiaries ng reporma sa lupa sa ilang bahaging sakop ng planta.

Payag ang iba dahil sa nakikitang pakinabang sa planta: elektripikasyon sa lugar, pag-unlad ng kabuhayan, mga bagong kalsada.

Instruksyon: Ipakita sa pamamagitan ng dramatisasyon kung ano ang solusyon sa ganitong problema.

Dramatisasyon: Pagsasanay 1

Mga Tauhan: Mga tao't grupong tutol o sang-ayon; mga kinatawan ng planta at ng mga ahensya ng pamahalaan.

Eksena 1: Sa harap ng opisina ng kompanya ng coal-fired power plant, may rali ang taong bayan sa pamumuno ng meyor. Inanyayahan ng kinatawan ng kompanya ang mga kinatawan ng mga nagpoprotesta - ang meyor, ang kapitan ng Bgy. Baybay-Dagat, at ang pari. Kasama ng kinatawan ng kompanya ang gobernador at ang isa nilang inhinyero. Sinimulan ng pari ang pag-uusap. Hiniling niyang bigyan siya ng pagkakataong basahin sa harap nila ang petisyon ng bayan. Ipinahayag sa petisyon ang pagtutol dahil sa pangambang magdudulot ang planta ng polusyon sa hangin at sa baybay-dagat. Habang nagpupulong, sumisigaw ng pagtutol ang mga nagrarali sa labas.

Ipinaliwanag ng kinatawan ng kompanya na lahat ng kanilang ginawa ay alam ng mga kinauukulan. Ipinakita niya ang mga papeles at iba pang dokumento. Sinabi rin niya na ang taong-bayan ay makikinabang sa proyekto sa pamamagitan ng scholarship, pabahay, kalsada't empleyo.

Idiniin ng gobernador ang kahalagahan ng proyekto, na siya ang may awtoridad na desisyonan ang mga bagay na tulad nito. Aniya, kung walang empleyo, lalong walang kalusugan.

Sa pag-uusap, ang pari ang nagsilbing tagapamagitan sa mainit na usapan at sa mga aktibong nagrarali sa labas ng opisina. Sa galit sa nangyayari sa usapan, ang ibang nagrarali ay binato ng bolang papel ang gobernador at ang kinatawan ng kompanya. Itinigil ang pulong.

Eksena 2: Ang meyor at ang kapitan ng Bgy. Baybay-Dagat ay sinuhulan ng gobernador at ng kinatawan ng kompanya. Pinangakuan ang meyor na dodoblehin ang salaping unang inialok sa kanya. Sa una'y nabahala ang kapitan sa magiging reaksiyon ng pamayanan kapag nalamang sumang-ayon na sila. Ngunit sa huli'y pumirma na rin siya sa kasulatang nagsasaad na wala siyang pagtutol sa pagtatayo ng planta.

[Wakas]

Pagsasanay 2

Eksena 1: Tumawag ng konsultasyon ang kinatawan ng planta upang ibalita ang planong proyekto. Nangako siyang magkakaroon ng monitoring team at ang mga residente'y bibigyan ng partisipasyon sa pagpaplano.

Sa pulong, nahati ang mga dumalo sa payag at sa tutol. Ang pagsang-ayon ay dahil sa benepisyong makakamit tulad ng alternatibong empleyo. "Tayo rin ay makakapagpatayo na ng bahay na semento," anang isa. Ang sabi naman ng mga tumututol ay gagawa sila ng petisyon at ihaharap nilang muli ito.

Eksena 2: Iniharap ng mga tumututol ang petisyon sa isang pulong-rali na dinaluhan ng kinatawan ng kompanya.

[Wakas]

Talakayan

Sa Pagsasanay 2, nagsimula ang talakayan sa pagbabahagi ng isang kalahok ng kanilang karanasan sa pagtatayo ng planta ng Petrochem sa Limay, Bataan. Aniya, maganda ang mga prosesong isinagawa ng kompanya ngunit pareho pa rin ang resulta – masamang epekto sa kalusugan at kapaligiran ng taong-bayan, gayundin sa kabuhayan ng mga magsasaka't mangingisda. Kaya para sa kanya, malabo ang pangako ng konsultasyon.

Tinanong ang lahat kung ano ang gusto nilang kahinatnan ng tunggalian. May nagsabing magbibigay ng trabaho sa taong-bayan ang proyekto. Inireklamo naman ng isa ang kawalan ng konsultasyon kaugnay ng proyekto; ngunit kung may magandang maidudulot ang kompanya, maaari siyang pumayag.

Itinanong din sa mga nagsiganap na taga-Bgy. Baybay-Dagat kung ano nga ba ang mga kondisyon nila para pumayag na sila. Ang lumabas na puntos:

Mga Kondisyon Para Tanggapin ng Pamayanan ang Planta ng Kompanya

Mekanismo	Kasama ang mga mamamayan sa pagpapalano Magtayo ng monitoring system Tiyakin ang kaligtasan at kalusugan ng mga mamamayan kaugnay ng problema sa polusyon Pagiging matapat sa mga mamamayan Partisipasyon ng mga mamamayan sa pagpapatakbo ng planta; trabaho para sa mga mamamayan
Pakinabang ng Pamayanan	Kompensasyon sa mga apektadong may-ari ng lupa Ang kikitain ng planta ay dapat ding ibahagi sa mga apektadong barangay at bayan, hindi lang sa pambansang pamahalaan Pagkakaroon/pagsasaaayos ng imprastruktura (kalsada, ilaw) Scholarship program para sa kabataan ng pamayanan

Mga Puntong Kontrobersyal

Dalawa ang lumitaw na masalimuot na usapin. Una, papayag at tutuparin ba ng kompanya ang mga kondisyong hihingin? Pangalawa, kapag nagdesisyon na ang mga nanunungkulan, may magagawa pa ba ang taong-bayan?

- (1) Tatanggapin at tutuparin nga ba ng kompanya ang mga kondisyon? May pagtinging habang hindi pa naitatayo ang planta, papayag ang kompanya sa mga kondisyon ngunit hindi naman talaga tototohanin. Kapag naitayo na ang planta, wala nang magagawa pa ang taong-bayan tulad ng naging karanasan sa pagtatayo ng Petrochem.

Sa kasaysayan ng Petrochem, totoong halos lahat tayong taga-Bataan ay nakipaglaban diyan. Saksi ang ibang kaibigan ko rito na kasama kong pumunta sa Kongreso. Nakaharap pa namin si Congressman _____. Ipinagmalaki niya ang Petrochem. Na dahil sa kanya, nagkaroon ng plantang pakikinabangan ng mga tao lalo na sa Bataan. Natutuwa raw siyang mabibigyan niya ng maraming trabaho at uunlad ang Bataan dahil sa kita ng Petrochem.

Pero ang tanong namin dito, ano ba ang maidudulot ng Petrochem? Ano naman ang problema sa Petrochem? Sabi ni Congressman, pinag-aralan na ng mga dalubhasa at tiniyak na ligtas. Ngayon, isang tanong lang ang itinanong ko sa kanya, gaano kaligtas? Hindi siya nakasagot. Ang sagot lang niya, pinag-aralan na ng mga dalubhasa.

Sa iba pang bahagi ng talakayan, sinabing dahil ang gusto ng negosyo ay kita, siyempre pang gagamit ito ng diplomasya.

Ngayon, kung hindi makuha sa diplomasya, medyo mananakot ka na diyan. Kung hindi mo makuha sa pananakot, bababa ka. Sa halip na bakuran mo ang kabuuan (tinutukoy rito ang nangyari sa Kaso 1), magbibigay ka ng right of way.

May ilang karanasan ang mga kalahok kung saan tinupad ng kompanya ang mga kondisyong hiningi ng pamayanan, ngunit maliliit na negosyo lang ito.

- (2) May magagawa pa ba ang taong-bayan kapag pumayag na ang mga awtoridad? Nagkaroon ng pesimismo ang mga kalahok kung talagang may magagawa pa ang taong-bayan upang mapigil ang pagtatayo ng planta. Tanong ng isa:

Ano pa'ng magagawa natin kung may basbas na sa itaas? Wala na tayong magagawa, tulad ng nangyari sa Petrochem. Ibuwis man natin ang ating buhay, wala na tayong magagawa.

Ang paglipat ng planta ng Petrochem sa Limay mula Morong, anang isa, ay hindi dahil sa pagtutol ng mga taga-Morong kundi dahil sa teknikal at pulitikal na konsiderasyon.

Sa katotohanan, naisip ng kompanya na kung ang planta'y nasa Morong, malayo ang transportasyon.

Mga kapatid, ganito lang: hindi natuloy ang Petrochem sa Morong dahil sa dalawang tao lang – kay (Subic Bay Metropolitan Authority Chair Richard) Gordon at (Pangulong) Ramos. Kasi, maaapektuhan ng Petrochem ang bundok ng Olongapo, at kasalukuyang dinidebelop ni Gordon 'yon. Si Gordon, malakas kay Ramos kaya napigil ang Petrochem (sa Morong) at itinaboy sa Limay.

Pinabulaanan din ng iba ang banggit ng isa na kapag hindi raw pumasa sa aspeto ng social acceptability sa Environmental Compliance Certificate ng DENR ang kompanya, hindi ito papayagang maitayo. Ang sagot sa kanya, na tinanggap din niya:

Matutuloy, ba't nga ba hindi? Para sabihin ko sa iyo, libo-libong ektarya, mapapasukat ko lang sa loob lang ng isang buwan, rehistrado na.

Samantala, nabanggit ang matagumpay na karanasan sa pagtutol ng mga taga-Bataan sa pagpapatakbo ng Bataan Nuclear Power Plant noong kasukduluan ng kapangyarihan ni Marcos; gayundin, ng mga taga-Bolinao, Pangasinan noong 1996 kaugnay ng isang planta ng semento. Patunay ang mga ito na maaaring magtagumpay ang taong-bayan laban sa malalaking kompanya't kapangyarihang pulitikal.

Mga Hakbangin

Sa bandang huli'y nagkaisa ang mga kalahok na hindi dapat payagang matuloy ang proyekto. Ano ang gagawin? Magkonsultasyon, mag-people's power, mag-lunsad ng impormasyong kapani-paniwala sa taong-bayan mahigpit na magkaisa, kumilos nang tuloy-tuloy.

Binalikan ang matagumpay na pagtuligsa sa Bataan Nuclear Power Plant noong panahon ni Marcos.

Paano natin napaalis 'yan? ... Nagkaroon ng masidhing pag-aalsa ang mga tao. Hindi lang pagkakaisa, nagtulong-tulong upang magrali.

May nagpaalala sa kapulungan na kung minsan, kailangan ding magbuwis ng buhay.

Ako man, ayaw ko rin 'yan. Pero sa katotohanan, kapag ang karapatan ng maliliit ay niyuyurakan, hindi baleng magbuwis ng buhay. Basta ang karapatan nating maliliit ay tatapakan ng malalaki, hindi ko panghihinayangan ang buhay ko.

Transpormasyon ng Relasyon sa Kapangyarihan

Tiningnan din sa mga dramatisasyon kung mayroon at kung anong antas ng transpormasyon ng relasyon sa kapangyarihan ang naganap. (Tignan ang susunod na tsart)

Pinakamagandang halimbawa ng transpormasyon ng relasyon sa kapangyarihan ang namalas sa dramatisasyon ng Kaso 2 (Pagsasanay 2). Sa umpisa, ang meyor lang ang nagdesisyon; walang isinagawang konsultasyon sa bayan. Sa bandang huli, pumayag din siyang ilipat ang tambakan ng basura. Maganda ang nangyari dahil ang meyor ay napaatras sa kanyang desisyon. Hindi na niya iginiit ang sarili niyang kapangyarihan; nakinig siya't nagbigay ng pagkakataon para magkaroon ng pagbabago sa relasyon. Naging malakas ang pagkilos ng pamayanan kaya napaikot nila ang di-makatarungang relasyon. Nabago ang sitwasyon at nabuo ang relasyong konsenswal.

Transpormasyon	Dramatisasyon	Komento
Walang transpormasyon	Kaso 1 (Pagsasanay 2)	Walang pagbibigay ang kompanya — nilalait ang mga mamamayan
Nabalanse ang relasyon	Kaso 2 (Pagsasanay 1 & 2)	Nakumbinse ang meyor; nakuha ang suporta ng kabilang barangay; sama-samang naghanap ng solusyon para sa ikabubuti ng buong bayan.
	Kaso 1 (Pagsasanay 1)	Nagbigayan sa isa't isa ang kapitalista at ang taong-bayan: pagbibigay ng daan sa mga maybahay sa paligid; panga-ngalaga sa kalikasan; pagbibigay ng trabaho sa mga residente.
Walang katiyakan	Kaso 3 (Pagsasanay 1 at 2)	Hindi nakahanap ng katanggap-tanggap na solusyon ang mga panig; pinatalsik ng mga tao't iba't ibang grupo ang kompanya. Sa Pagsasanay 1, may ipinamalas na paggamit o pagkonsidera sa marahas na paraan. Sa Pagsasanay 2, hindi malinaw sa dramatisasyon ang kinahinatnan pero sa talakayan, napagkasunduang tututulan ang pagtatayo.
Nabaligtad ang relasyon	Bataan Nuclear Power Plant Bolinao Cement Plant	Napahinto ang plano dahil sa lakas ng pagtutol

Referens

- Bautista, Cynthia Rose B. 1985. *Participatory research and academic social science: some reflections based on shifting methodological framework in sociology*. Diliman, Quezon City: Third World Studies Center, University of the Philippines. (unpublished/mimeographed copy)
- Lederach, John Paul. 1992A. "Understanding Conflict: The Experience, Structure and Dynamics" inireprenta sa Mennonites Conciliation Service. *Mediation Training Manual, Skills for Constructive Conflict Transformation*. Pennsylvania, 1992.
- _____. 1992B. "Social Transformation of Conflict," inireprenta sa Mennonites Conciliation Service. *Mediation Training Manual, Skills for Constructive Conflict Transformation*. Pennsylvania, 1992.
- Sajor, Edsel Evangelista and Benadette Resurreccion-Saya. 1993. *Ecopolitics in the Philippines, Actors, Discourse and Empowerment*, 2 July 1993 (unpublished paper).
- Tillet, Greg. 1991. *Resolving Conflict, a practical approach*. Sydney University Press and Oxford University Press Australia.
- Wallensteen, Peter. 1988. "Understanding Conflict Resolution" in Peter Wallensteen (ed.), *Peace Research, Achievements and Challenges*. Boulder and London: Westview Press.

Mga Dokumento

- Administrative Order No. 42, Revised Regulations and Guidelines Governing the Establishment and Development of Industrial Forest Plantations, DENR, August 22, 1991.
- Administrative Order No. 60, Revised Regulations and Guidelines Governing the Establishment and Management of Industrial Forest Plantations (IFPs) and Management of Residual Natural Forests for Production Purposes, DENR, October 4, 1993.
- Comprehensive Development and Management Program, TREE, Inc. Sinumite sa DENR, 1995.
- Sipi mula sa Katitikan nag Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Abucay na ginanap noong ika-07 ng Pebrero 1996 sa Bulwagang Pulungan ng Sangguniang Bayan, Office of the Sangguniang Bayan, Abucay, Bataan.

Memorandum for The Regional Executive Director, DENR, Region 3, San Fernando, Pampanga from the PENRO-CENRO Composite Investigation Team, Subj: Investigation Report re Complaint of the Municipal Agricultural Fisheries Council (MAFC) of Abucay, Bataan against the IFMA holder No. 37, TREE, Inc., dated 05 March 1996.

Excerpt from the Minutes of the Regular Meeting of the Sangguniang Panlalawigan of Bataan held at the Ultreya Auditorium, Abucay, Bataan on March 11, 1996, Tanggapan ng Sangguniang Panlalawigan, Balanga, Bataan.

Katitikan ng Karaniwang Pulong ng Sangguniang Panlalawigan ng Bataan na Ginanap sa Ultreya Auditorium, Abucay, Bataan noong ika-11 ng Marso, 1996.

Minutes of the Meeting: Joint Committee Field Investigation Re Complaints of Some Abucay Residents Against IFMA No. 37 (TREE Inc.), March 19, 1996. Prepared by Nenette G. Suguitan, For. Mgt. Specialist II, DENR.

Transcript of the Stenographic Notes Taken During the Hearing of the SP Committees on Justice, Environment and Natural Resources, Legal Matters, Barangay Affairs and Land Utilization held on March 25, 1996 at SP Hall, Capitol, Balanga, Bataan by Mary Ann Reyes-de Jesus, Stenographic Reporter III.

Minutes of the Regular Meeting of the Sangguniang Panlalawigan of Bataan held on May 20, 1996 at SP Session Hall, Capitol, Balanga, Bataan,

Excerpt from the Minutes of the Regular Meeting of the Sangguniang Panlalawigan of Bataan held at the SP Session Hall, on May 27, 1996, Tanggapan ng Sangguniang Panlalawigan, Balanga, Bataan.

Memorandum for (DENR) Sec. Victor Ramos from Core Group NGO's Abucay, Bataan re Disagreement on Investigation Report of Bataan PENRO-CENRO Composite Investigation Team on the Violation of IFMA 037 TREE INC., dated 09 April 1996.

Memorandum to Investigating Body re The Rape of Abucay Forest, A Criminal Offense, from NGO's Abucay, dated 15 April 1996.

TREE Bulletin, Mga Tanong at Sagot Tungkol sa IFMA at TREE, ginawa ng GAIA South, Inc. (walang petsa).

Report sa Pahayagan

Esconde, Ernie, "DENR stops operations of IFMA holder," Manila Times, 28 March 1996.

LIST OF PARTICIPANTS OF THE ECR TRAINING

MARCH 1-2, 1997
BATAAN LIBRARY & MUSEUM, BALANGA, BATAAN

Alvin Ibasco

Sangguniang Kabataan
Gabon, Abucay, Bataan

Ernesto Guzon

Kagawad
Mabatang, Abucay, Bataan

Apolinar Gallardo

Kagawad
Gabon, Abucay, Bataan

Guillermo del Rosario

Kagawad
Wawa, Abucay, Bataan

Arnel Miranda

Sagip Likas-yaman ng Bataan (SALBA)/
Samahan Anak Dagat

Leoncia Katigbak

Bataan NGO Consortium-Local
Community Organizers (BNC-LCO) East
Team

Benjamin Valenzuela

Kagawad
Wawa, Abucay, Bataan

Ma. Liza dela Fuente

Sangguniang Kabataan
Salian, Abucay, Bataan

Blesilda Machacon

DENR-CENRO

Macky Salazar

PRRM

Domingo Jaring

Sagip Likas-yaman ng Bataan (SALBA)/
Bangka Fed. Kimama Inc.

Mario Manalo

Bataan NGO Consortium (BNC)

Dondon Caragay

Sangguniang Kabataan
Calaylayan, Abucay, Bataan

Maximiano Pablo

Kagawad
Salian, Abucay, Bataan

Ed Kabigting

DENR-PENRO

Mercy Jasmin

Bataan NGO Consortium-Local
Community Organizers (BNC-LCO)

LIST OF PARTICIPANTS OF THE ECR TRAINING

Mhel Villanueva

Sangguniang Kabataan
Gabon, Abucay, Bataan

Rodolfo Siongco

Sangguniang Kabataan Chairman
Omboy, Abucay, Bataan

Raul Padua

Sangguniang Kabataan
Calaylayan, Abucay, Bataan

Rolando de Jesus

Kagawad
Omboy, Abucay, Bataan

Roberto Olmo

Kagawad
Wawa, Abucay, Bataan

Severino Brillante

Bataan NGO Consortium (BNC)

Rod Alarcon

Sangguniang Kabataan
Laon, Abucay, Bataan

LIST OF PARTICIPANTS OF THE ECR TRAINING

MARCH 8-9, 1997
BATAAN LIBRARY & MUSEUM, BALANGA, BATAAN

Agosto Valencia

Brgy. Police
Wawa, Abucay, Bataan

Florentino Yumena

MFMP
Mabatang, Abucay, Bataan

Alberto de Leon

Kimama
Mabatang, Abucay, Bataan

Gloria Paden

Samahang Nagkakaisa Kababaihan

Angelito Aquile

Abucay, Bataan

Guillermo Medina

MFMP

Antonio Buensuceso

Sagip Likas-yaman ng Bataan (SALBA)/
MFMP

Jose dela Cruz

Salian, Abucay, Bataan

Benito Sangcal

Balikatan, Inc.

Jose Labandilo

Community-Based Forest Protection
Brigade (CBFPB)

Bonifacio Yumena

Kimama

Jose Palomo

Sagip Likas-yaman ng Bataan (SALBA)
Tabing Ilog, Samal

Crisanto Carreon

Community-Based Forest Protection
Brigade (CBFPB)
Palili, Samal, Bataan

Jose Zaballa

Binaritan, Morong, Bataan

Fausto Ambrosio

Sagip Likas-yaman ng Bataan (SALBA)
Orani, Bataan

Julieta Aquile

Bangkal, Abucay, Bataan

Larry Paden

KAMAPA
Wawa, Abucay, Bataan

LIST OF PARTICIPANTS OF THE ECR TRAINING

Lea Clemente

Sangguniang Kabataan
Salian, Abucay, Bataan

Roberto Caragay

Sangguniang Kabataan
Bangkal, Abucay, Bataan

Leonila Blas

PRRM

Rodelio Atienza

Sangguniang Kabataan
Bangkal, Abucay, Bataan

Leopoldo Manalo

Nagbalayong, Morong, Bataan

Rodolfo Valencia

Wawa, Abucay, Bataan

Manny Anilao

PRRM

Rodrigo de Vera

Sagip Likas-yaman ng Bataan (SALBA)
Lucanin, Mariveles, Bataan

Maricris Lopez

Pag-ibig Family Group
Orani, Bataan

Rogelio Parrera

Tribal Chieftain
Abucay, Bataan

Mayona Malunic

Sangguniang Kabataan
Bangkal, Abucay, Bataan

Rogelio Roque

Sagip Likas-yaman ng Bataan (SALBA)
Orani, Bataan

Nick Cayetano

Sangguniang Kabataan
Bangkal, Abucay, Bataan

Rolando Ongoco

Brgy. Police
Wawa, Abucay, Bataan

Norman Detruz

Community-Based Forest Protection
Brigade (CBFPB)
Palili, Samal, Bataan

Romeo Golisa

Community-Based Forest Protection
Brigade (CBFPB)
Bangkal, Abucay, Bataan

Rebecca C. Decino

ONCC Staff-Bataan
Bangkal, Abucay, Bataan

Rose Canencia

Samahang Nagkakaisa Kababaihan
Abucay, Bataan

Renal Bravo

Nagbalayong, Bataan

LIST OF PARTICIPANTS OF THE ECR TRAINING

Rose Santos

Pag-ibig Family Group
Orani, Bataan

Severino E. Gutierrez

Community-Based Forest Protection
Brigade (CBFPB)
Palili, Samal, Bataan

Rosemarie Danque

Sangguniang Kabataan
Bangkal, Abucay, Bataan

Teoderico Roberto

KAMAO
Bayan, Orani, Bataan

Ruben Medina

Community-Based Forest Protection
Brigade (CBFPB)
Bangkal, Abucay, Bataan

Vic Mariano

Balikatan, Inc.

Sesinando Andalencio

Poblacion, Morong, Bataan

LIST OF PARTICIPANTS OF THE ECR TRAINING

JULY 12-13, 1997

BATAAN LIBRARY & MUSEUM, BALANGA, BATAAN

Adelina Caisip

Sibul, Orani, Bataan

Aurelio Hernandez

Community-Based Forest Protection
Brigade (CB-FPB)
Maite, Hermosa, Bataan

Conrado Matawaran

Brgy. Gugo, Samal, Bataan

Cresencia Nocino

Brgy. Gugo, Samal, Bataan

Ernesto Salenga

Brgy. Council
Tala, Orani, Bataan

Evelyn Rico

Brgy. Gugo, Samal, Bataan

Gregorio Abrazado

Kagawad
Bacong, Hermosa, Bataan

Lanie Velasquez

Community-Based Forest Protection
Brigade (CB-FPB)
Tala, Orani, Bataan

Leah Asidera

Sangguniang Kabataan Kagawad
Brgy. Gugo, Samal, Bataan

Leonardo Cabang

Kagawad
Imelda, Samal, Bataan

Lito Velasquez

SKB
Tala, Orani, Bataan

Manuel Calayo

Community-Based Forest Protection
Brigade (CB-FPB)
Pag-asa, Orani, Bataan

Marilou Mendoza

Sibul, Orani, Bataan

Modesta Bidei

NGO/Sangguniang Kabataan Kagawad
Palili, Samal, Bataan

Narciso Golisan

Bangkal, Abucay, Bataan

Reynaldo Alipio

Tanod secretary
Imelda, Samal, Bataan

LIST OF PARTICIPANTS OF THE ECR TRAINING

Ricardo Sangalay

Hermosa, Bataan

Rizalina Ramos

Bataan NGO Consortium (BNC)

Roland Reyes

S.B./Community-Based Forest Protection
Brigade (CB-FPB)
Pag-asa, Orani, Bataan

Sandy Agtunong

Bangkal, Abucay, Bataan

Solomon Gino

Community-Based Forest Protection
Brigade (CB-FPB)
Maite, Hermosa, Bataan

Susan Catig

Sangguniang Kabataan Chairman
Palili, Samal, Bataan

